

# KAGAWARAN NG CALIFORNIA PARA SA MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD

## PAKETE NG IMPORMASYON TUNGKOL SA EARLY START

Abril 2023





Alta California  
Regional Center

Minamahal na mga Pamilya,

Bilang Executive Director ng Alta California Regional Center (ACRC), ikinagagalak kong tanggapin kayo sa Early Start Program. Ang ACRC ay may lawak na mahigit sa 10,000 milya kuwadrado, na naglilingkod sa sumusunod na sampung county: Sacramento, Placer, Yolo, Yuba, El Dorado, Nevada, Sutter, Colusa, Sierra at Alpine.

Sa ACRC, naniniwala kami na karapatan ng bawat bata na magkaroon ng oportunidad na maabot ang kanilang buong potensyal. Nauunawaan namin na maaabot ng mga bata ang kahanga-hangang pagsulong kapag nakatanggap sila ng interbensyon sa batang edad. Nakikipagtulungan kaming mabuti sa mga partner sa lokal na komunidad para kilalanin at paglingkuran ang mga batang maaaring makinabang mula sa programang ito.

Ang Early Start model sa ACRC ay tinatawag na developmental model. Idiniriin ng modelong ito ang pakikibahagi ng magulang, na nakatuon sa modelo ng pagtuturo ng magulang. Magkakaroon ng team ng mga propesyonal na magsasama-sama upang pag-aralan ang tungkol sa inyong anak sa pamamagitan ng input ng magulang/tagapag-alaga at suriin ang mga pangangailangan. Ang team na ito ay bubuo ng plano ng mga serbisyo para sa inyong anak, na tinutukoy bilang Individual Family Service Plan (IFSP).

Ginagampanan ng aming mga service coordinator ang mahalagang tungkulin sa pag-uugnay ng mga serbisyo para sa IFSP, pagtatasa ng patuloy na mga pangangailangan, pagsusuri ng progreso at pagbibigay ng mga mapagkukunan. Alam namin na mahirap ang pagpapalaki ng anak na may mabagal na pag-unlad, at nakatuon kami sa pagsama sa inyo sa paglalakbay na ito.

Salamat sa pagtitiwala sa amin sa pangangalaga sa inyong anak. Sana ay magtulungan tayo. Welcome sa Early Start!

Sincerely,

Lori Banales

Naglilingkod sa mga Indibidwal na May Kapansanan sa Pag-unlad sa mga County ng Alpine, Colusa, El Dorado, Nevada, Placer, Sacramento, Sierra, Sutter, Yolo at Yuba.

# MALUGOD NA PAGTANGGAP MULA SA KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD

Ang unang tatlong taon sa buhay ng isang bata ay isang panahon ng makabuluhang pagsibol at kritikal na paglaki. Ang mga sanggol ay likas na mausisa at nagsisimula kaagad na alamin ang tungkol sa kanilang kapaligiran mula sa mga magulang, tagapag-alaga, at iba pang miyembro ng pamilya. Ang iyong anak ay magkakaroon ng mga mahahalagang kasanayan tulad ng pagtutuo ng kanilang paningin, pag-abot ng mga bagay, pag-usisa sa mga bagay sa paligid nila, at pag-aaral kung paano makipag-usap. Sa mahalagang panahong ito, maaaring mangailangan ng karagdagang tulong ang ilang bata para maabot ang mahahalagang yugto ng buhay na ito. Ang mga serbisyo at mga suporta na maaaring makatulong sa iyong anak ay tinatawag na early intervention services (mga serbisyo ng maagang interbensyon).

Sa California, ang mga serbisyo ng maagang interbensyon ay ibinibigay sa pamamagitan ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services, DDS) at tinatawag na Early Start. Ang Early Start ay para sa mga sanggol at maliliit na bata na nagpapakita ng mga pagkaantala sa pag-unlad o nasa panganib na magkaroon ng kapansanan sa paglaki at pag-unlad.

Ang pagkuha ng tulong at interbensyon sa lalong madaling panahon ay maaaring makagawa ng napakalaking pagbabago sa pag-unlad ng iyong anak, at sa ilang kaso ay nakakabawas sa dami ng tulong na kailangan nila sa kinalaunan ng kanilang buhay. Ang unang pagpapakilala sa iyong pamilya sa sistema ay kritikal at magkakaroon ng panghabang-buhay na epekto. Kung positibo ang mga unang karanasang ito, ikaw at ang iyong anak ay mas malamang na patuloy na makikilahok at makikinabang mula sa mga suporta at serbisyong available sa system.


Alam namin na ang madaling ma-access na koordinasyon ng serbisyo at mga serbisyo ng maagang interbensyon na ipinagkakaloob sa nais na kultura at wika ng pamilya ay susi sa paglikha ng mga positibong karanasan para sa iyo at sa iyong anak. Ito ang dahilan kung bakit ang aming pananaw sa DDS ay para sa mga indibidwal at pamilyang pinaglilingkuran namin sa lahat ng oras na makaranas ng paggalang sa kanilang kultura at nais na wika, sa kanilang mga napili, paniniwala, halaga, pangangailangan at layunin. Sinisikap naming palaging matiyak na ang mga serbisyong ito ay naihatid sa isang sistema na nakatutok sa indibidwal at binubuo ng isang network ng mga ahensya ng komunidad na nagbibigay ng mataas na kalidad at pantay na mga serbisyo.

Kinikilala namin na ang pag-navigate sa mga sistema ng serbisyo ay maaaring mahirap, at ang ilang pamilya ay nasa panganib na mawalan ng mga pagkakataon para sa mahalagang tulong. Nais naming bigyan ng kapangyarihan ang mga pamilya na sulitin ang mga serbisyong magagamit nila at epektibong itaguyod ang kanilang anak.

Ang mga pangangailangan ng iyong anak ay magbabago sa paglipas ng panahon at ang mga serbisyong kailangan nila ay kasabay nilang magbabago. Ang aming layunin ay suportahan ang isang panghabang-buhay na paglalakbay na inklusibo at hindi nililimitahan ng kapansanan. Sa mga sumusunod na pahina, matututunan mo kung paano gumagana ang sistema ng mga serbisyo sa pag-unlad, kung ano ang magagamit ninyo at kung paano namin masusuportahan kayo ng iyong anak.

Malugod naming tinatanggap ang iyong anak at pamilya sa sistema ng mga serbisyo sa pag-unlad. Andito kami para sa inyo.

Taos-pusong bumabati,



Nancy Bargmann, Direktor, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad ng California

# TALAN NG MGA NILALAMAN

MALIGAYANG PAGDATING DITO SA MGA SERBISYO NG EARLY START.....	5
PARA KANINO ANG PAKETENG ITO? .....	6
BAHAGI 1: PANGKALAHATANG IMPORMASYON.....	7
<b>Ano ang pagkaantala sa pag-unlad?</b> .....	7
<b>Ano ang kapansanan sa pag-unlad?</b> .....	8
<b>Sino ang karapat-dapat para sa Early Start?</b> .....	9
<b>Ano ang Early Start?</b> .....	10
<b>Paano makakatulong ang Early Start sa aking anak?</b> .....	10
<b>Ano ang regional center? Paano ako makakakuha ng tulong sa mga serbisyo ng Early Start?</b> .....	10
<b>Ano ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad?</b> .....	12
<b>Mayroon ba akong gagastusin para sa mga serbisyo ng Early Start?</b> .....	12
BAHAGI 2: PAG-APPLY SA EARLY START.....	13
<b>Sa tingin ko ay may pagkaantala o kapansanan sa pag-unlad ang anak ko. Ano ang gagawin ko?</b> .....	13
<b>Paano ko tatalakayin ang aking mga alalahanin sa aking doktor o sa aking lokal na regional center?</b> ...	13
<b>Pagsisimula: Madali lang!</b> .....	16
<b>Ano ang mangyayari kapag tumawag ako sa regional center?</b> .....	16
<b>Mayroon bang kapaki-pakinabang na impormasyon na dapat kong ibahagi sa regional center?</b> .....	19
<b>May iba pa bang makakatulong sa akin?</b> .....	20
<b>Ang aking anak ay hindi karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Early Start sa ngayon.</b>	
<b>Ano ang aking mga opsyon?</b> .....	21
BAHAGI 3: PAG-NAVIGATE NG EARLY START .....	22
<b>Ang aking anak ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng Early Start. Ano ang susunod?</b> .....	22
<b>Paano ako matutulungan ng Early Start Service Coordinator?</b> .....	22
<b>Ano ang Individualized Family Service Plan (IFSP)?</b> .....	23
<b>Paano nabuo ang IFSP?</b> .....	23
<b>Paano tinutukoy ang mga serbisyo?</b> .....	23
<b>Maari bang magbago ang IFSP?</b> .....	24
<b>Timeline ng IFSP</b> .....	24
<b>Anong uri ng mga serbisyo ang maaari kong matanggap mula sa Early Start?</b> .....	24
<b>Pagpirma ng IFSP</b> .....	25
<b>Ano ang maaari kong gawin kung hindi ako sumasang-ayon sa IFSP?</b> .....	25
BAHAGI 4: MULA SA EARLY START HANGGANG SA PAARALAN.....	26
<b>Ano ang aking mga pagpipilian kapag ang aking anak ay naging 3 taong gulang?</b> .....	26
<b>Pagpapalano para sa transisyon</b> .....	26

<b>Karapat-dapat para sa patuloy na mga serbisyo ng regional center .....</b>	<b>28</b>
<b>Pansamantalang pagiging karapat-dapat.....</b>	<b>29</b>
<b>BAHAGI 5: ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN .....</b>	<b>31</b>
<b>Pagsusuri at pagtatasa .....</b>	<b>31</b>
<b>Individualized Family Service Plan (IFSP).....</b>	<b>32</b>
<b>Pagkakumpidensyal at pag-access sa mga rekord .....</b>	<b>33</b>
<b>Naunang Nakasulat na Paunawa o Paunawa ng Pagkilos.....</b>	<b>33</b>
<b>Hindi pagsang-ayon sa regional center.....</b>	<b>34</b>
<b>Sino ang makakatulong sa akin sa isang apela o reklamo? .....</b>	<b>36</b>
<b>BAHAGI 6: MGA KONTAK AT MAPAGKUKUNAN .....</b>	<b>37</b>
<b>Mga Kontak .....</b>	<b>37</b>
<b>Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Early Start.....</b>	<b>39</b>
<b>Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagbabagong-katayuan mula sa Early Start.....</b>	<b>40</b>
<b>Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa edad ng pagpasok sa paaralan at mga serbisyo para sa mga nasa hustong gulang .....</b>	<b>42</b>
<b>Pangangalagang pangkalusugan at serbisyong panlipunan.....</b>	<b>43</b>
<b>Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan .....</b>	<b>43</b>
<b>GLOSSARY.....</b>	<b>45</b>

# MALIGAYANG PAGDATING DITO SA MGA SERBISYO NG EARLY START



Ang lahat ng sanggol at maliliit na bata ay magkaibang lumalaki, sa pinakamahusay na posibleng paraan. Alam namin na ang mga magulang ay may mga katanungan tungkol sa paglaki at pag-unlad ng kanilang anak. Ang Early Start ay ginawa upang suportahan ang maliliit na bata tulad ng iyong anak sa unang 3 taon ng kanilang buhay. Ang iba pang layunin nito ay suportahan ang mga mapagmahal na magulang at tagapag-alaga na katulad mo.

Tutulong sa iyo ang Early Start na sulitin ang unang 3 taon ng buhay ng iyong anak. Makakatulong ito sa iyo na matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng iyong anak. Makakatulong din ito sa iyong anak na matutunan ang mga kasanayan na sa tingin mo ay pinakamahalaga.

Maaaring maging mahirap ang pagiging magulang ng isang bata. Kung nag-aalala ka tungkol sa pag-unlad ng iyong sanggol, madali itong makapanlula. Ang magandang balita ay ang iyong sanggol ay pareho pa rin na sanggol na inuwi mo mula sa ospital. Mas alam mo ang tungkol sa iyong sanggol kaysa sinuman sa mundo. Ang Early Start ay nagbibigay ng taong makakausap (point of contact) na angkop sa mga pamilya upang malaman mo kung ang iyong sanggol o paslit ay nangangailangan ng tulong. Makakatulong din ito sa iyo na makakuha ng mga serbisyo para sa iyong sanggol o paslit upang lumaki at umunlad sa pinakamahusay na posibleng paraan. Makikilala mo ang ibang mga magulang na tulad mo. Maaari kang bumuo ng isang pangkat ng mga propesyonal na tutulong sa iyo na suportahan ang paglaki at pag-unlad ng iyong anak.

Karaniwan para sa mga bata na umunlad nang mas mabagal kaysa karaniwan. Humigit-kumulang 1 sa bawat 6 na bata sa Estados Unidos ay may pagkaantala sa pag-unlad. Ang Early Start ay tumutulong sa mga sanggol at maliliit na bata, mula sa kapanganakan hanggang 3 taon, na may mga pagkaantala o kapansanan sa pag-unlad. Ang Early Start ay maaaring magbigay sa iyo ng higit na pag-unawa sa mga pangangailangan ng iyong anak na matuto, lumaki at umunlad. Ang mga serbisyo ng Early Start ay nilalayon na tulungan ang mga karapat-dapat na bata na matuto ng mga bagong kasanayan, malampasan ang mga hamon, at pataasin ang tagumpay sa buhay.

Kung sa tingin mo o ng iyong doktor ay maaaring may kapansanan o pagkaantala ang iyong anak, ang impormasyong ito ay makakatulong sa iyo na malaman ang tungkol sa Early Start.

Makakahanap ka ng higit pang mga sagot sa [Mga Madalas Itanong tungkol sa Early Start](#).

# PARA KANINO ANG PAKETENG ITO?

Ang paketeng ito ay para sa mga magulang at iba pang tagapag-alaga ng mga sanggol at maliliit na bata na maaaring may, o alam na may, mga pagkaantala o kapansanan sa paglaki at pag-unlad.

Maaaring gamitin ng mga propesyonal at iba pa ang impormasyong ito upang tumulong sa pagsuporta sa mga pamilya at kanilang maliliit na anak.

## **Paggamit ng gabay na ito**

Ang gabay na ito ay nahahati sa anim na seksyon upang maging mas madaling gamitin.

Depende sa iyong interes, maaari kang magsimulang magbasa sa anumang seksyon.

[Bahagi 1: Pangkalahatang Impormasyon](#)

[Bahagi 2: Pag-apply sa Early Start](#)

[Bahagi 3: Pag-navigate ng Early Start](#)

[Bahagi 4: Mula sa Early Start hanggang sa Paaralan](#)

[Bahagi 5: Alamin Ang Iyong mga Karapatan](#)

[Bahagi 6: Mga Kontak at Mapagkukunan](#)



# BAHAGI 1: PANGKALAHATANG IMPORMASYON

## Ano ang pagkaantala sa pag-unlad?

Ang mga pagkaantala sa pag-unlad ay karaniwan. Kasing-dami ng 1 sa 6 na bata ang may pagkaantala. Ang mga bata ay natututo ng iba't ibang kakayahan sa iba't ibang panahon. Kung ang isang bata ay hindi nakakagawa ng mga bagay na kayang gawin ng karamihan ng mga bata sa isang partikular na edad, maaaring mayroon silang pagkaantala sa pag-unlad.

Maaaring mangyari ang mga pagkaantala sa pag-unlad sa isa o higit pa sa mga sumusunod na aspeto:

- Pag-iisip at pagkatuto (kognitibo)
- Pakikipag-usap at pagpapahayag ng sarili (nagpapahayag na komunikasyon)
- Pag-unawa sa wika (komunikasyong may pag-unawa)
- Pakiramdam, pagpapahayag, pakikipag-ugnayan sa iba (pakikisalamula at emosyonal)
- Mga kasanayan sa pang-araw-araw na pamumuhay tulad ng pagkain, pagbibihis, pag-aalaga sa sarili (kakayahang umangkop)
- Paglalakad, paggalaw, paningin at pandinig (pag-unlad ng pisikal at motor na kakayahan, kabilang ang paningin at pandinig)



Maaaring makatulong ang Early Start sa iyong anak na makahabol sa mga kakayahang dapat nilang magawa.

*"Gusto kong may gumabay at magturo sa akin sa Early Start dahil hindi ko alam kung saan ako sunod pupunta at kung ano ang gagawin." - Magulang*



### **Ano ang kapansanan sa pag-unlad?**

Ang pagkaantala sa pag-unlad ay maaari ring tanda ng kapansanan sa pag-unlad. Sa California, ang mga kapansanan sa pag-unlad ay itinuturing na panghabang-buhay at dapat na umiiral bago umabot sa 18 taong gulang. Ang mga sumusunod na kondisyon ay itinuturing na isang kapansanan sa pag-unlad:

- Autismo
- Cerebral palsy
- Epilepsy
- Kapansanang intelektwal
- Iba pang mga kondisyon na nangangailangan ng paggamot na katulad ng isang sa taong may kapansanang intelektwal

Ang mga serbisyo ng maagang interbensyon ay tumutulong sa mga sanggol at maliliit na bata na matutunan ang mga pangunahin at bagong kasanayan na karaniwang nangyayari sa unang tatlong taon ng buhay.



### Sino ang karapat-dapat para sa Early Start?

Ang sinumang batang wala pang 3 taong gulang ay maaaring maging karapat-dapat kung sila ay:

- May pagkaantala sa pag-unlad nang hindi bababa sa 25% sa isa o higit pa sa mga sumusunod:
  - Kognitibo (pag-iisip at pagkatuto)
  - Nagpapahayag na komunikasyon (pakikipag-usap at pagpapahayag ng sarili)
  - Komunikasyong may pag-unawa (pag-unawa sa wika)
  - Pakikisalamuha at emosyonal (pakiramdam, pagpapahayag, pakikipag-ugnayan)
  - Pag-angkop (pang-araw-araw na mga kasanayan sa pamumuhay tulad ng pagkain, pagbibihis, pag-aalaga sa sarili)
  - Pag-unlad ng pisikal at motor na kakayahan, kabilang ang paningin at pandinig (paglalakad, paggalaw, paningin, at pandinig)
- May naitatag na kondisyon ng panganib na alam ang pinagmulan, na may mataas na probabilidad ng pagreresulta sa naantalang pag-unlad o;
- Malamang na magkaroon ng pagkaantala sa pag-unlad dahil sa ilang panganib na nakumpirma ng isang propesyonal

[\[Tingnan ang Glossary para sa higit pang impormasyon\]](#)



- Ang nasa panganib o mataas na panganib na mga kondisyon ay maaaring kabilangan ng mga bata na: Ipinanganak nang napakaaga (mas mababa sa 32 linggong pagbubuntis) at may napakababang timbang sa panahon ng kapanganakan.
- Nagkaroon ng matinding problema sa kalusugan o nagkaroon ng matagal na pagkakaospital
- Nahantad sa droga o alak bago ipanganak
- Nakaranas ng malaking pinsala noong ipinanganak
- Nakaranas ng pagpapabaya o pang-aabuso

Maaaring kabilang sa mga kondisyon ng Naitakdang Panganib ang mga bata na:

- May mga genetic na kondisyon na nauugnay sa mga pagkaantala sa pag-unlad (hal., Down Syndrome, Fragile X syndrome, bukod sa iba pa)
- May fetal alcohol syndrome
- May limitadong pandinig, paningin o paggamit ng mga biyas

Ang pagiging karapat-dapat ay **HINDI** nakasalalay sa

- Kita ng pamilya
- Katayuang pang-imigrasyon

### **Ano ang Early Start?**

Ang Early Start ay mga serbisyo ng maagang interbensyon sa California para sa mga pamilyang may mga sanggol at maliliit na bata na may mga pagkaantala sa pag-unlad o kapansanan.

### **Paano makakatulong ang Early Start sa aking anak?**

Sinusuportahan ng Early Start ang mga magulang at tagapag-alaga na tulad mo. Tinutulungan ka nitong kumonekta sa iyong anak para matuto at lumaki sila. Ang ilan sa mga serbisyong ito ay direktang ibinibigay sa iyong anak. Maaari ka ring makatanggap ng mga serbisyo upang matulungan kang matutunan kung paano suportahan ang mga pangangailangan ng iyong anak sa pag-unlad. [[Tingnan ang Bahagi 3: Anong Mga Uri ng Serbisyo ang Matatanggap Ko mula sa Early Start?](#)]

### **Ano ang regional center? Paano ako makakakuha ng tulong sa mga serbisyo ng Early Start?**

Ang mga regional center ay mga lokal na ahensya na nag-aayos ng mga serbisyo para sa mga batang may pagkaantala sa pag-unlad at kanilang mga pamilya. Ang mga regional center ay may mga tanggapan sa buong estado ng California. Gagawin ng mga regional center ang:

- Pagsusuri para sa isang pagkaantala o kapansanan sa pag-unlad
- Pagtukoy kung kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng Early Start
- Pamamahala ng kaso at koordinasyon ng mga serbisyo
- Pagbigay ng pondo para sa mga therapy at serbisyo

Bagama't ang lahat ng regional center ay may magkakatulad na mga programa, ang bawat regional center ay maaaring gumawa ng mga bagay na naiiba upang matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga lokal na komunidad. Makakatulong na malaman kung paano gumagana ang iyong regional center.

Makikita mo ang iyong lokal na regional center sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong zip code sa [Regional Center Look Up Tool](#).





*"Narito ang regional center upang gawing mas madali ang buhay. Gawing mas madali at mas simple ang pag-navigate para sa mga miyembro ng pamilya. Narito kami para suportahan ka."*  
 – Propesyonal / Miyembro ng Kawani ng Regional Center

Sa ilang mga kaso, ang mga serbisyo ng Early Start ay maaaring ibigay ng iyong lokal na distrito ng paaralan o opisina ng edukasyon ng county. Ang mga pamilya na may mga anak na may pagkawala ng pandinig, kapansanan sa paningin, o pisikal na kapansanan ay maaaring makakuha ng mga serbisyo mula sa Early Start sa pamamagitan ng kanilang lokal na distrito ng paaralan o opisina ng edukasyon ng county. Sa ilang lugar ng California, ang mga pamilya ay maaaring makatanggap ng mga serbisyo mula sa lokal na distrito ng paaralan at sa regional center.

**Early Start sa pamamagitan ng mga regional center:**

- Mga batang may pagkaantala o kapansanan sa pag-unlad

**Early Start sa pamamagitan ng iyong lokal na distrito ng paaralan o opisina ng edukasyon ng county:**

- Ang mga bata na walang pagkaantala o kapansanan sa pag-unlad ngunit:
  - Hindi nakakarinig o nawalan ng pandinig
  - Hindi nakakakita o may kapansanan sa paningin
  - May kapansanan sa pangangatawan

**Ano ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad?**

Ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services, DDS) ng California ay ang kagawaran ng estado na namamahala sa paghahatid ng mga serbisyo para sa mga taga-California na may mga pagkaantala o kapansanan sa pag-unlad na ibinibigay ng mga regional center. Ang DDS ay ang nangungunang ahensya para sa Early Start sa California.

**Mayroon ba akong gagastusin para sa mga serbisyo ng Early Start?**

Maaaring hilingin sa iyo na tingnan kung babayaran ng medikal na insurance ng iyong pamilya o ibang mapagkukunan ang ilan sa mga serbisyo. Ang mga kinakailangang serbisyo na hindi sakop ng insurance ay maaaring bilhin o ibigay ng regional center. May mga mapagkukunang magagamit upang makita kung ikaw ay kwalipikado para sa mura o walang gastos na mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan tulad ng Medi-Cal. Ang ilang pamilyang hindi nakakatanggap ng Medi-Cal ay maaaring kailangang magbayad ng maliit na halaga para sa ilang serbisyo.



## BAHAGI 2: PAG-APPLY SA EARLY START

### **Sa tingin ko ay may pagkaantala o kapansanan sa pag-unlad ang anak ko.**

#### **Ano ang gagawin ko?**

Makipag-ugnayan sa regional center. Hindi mo kailangang maghintay ng referral mula sa pediatrician ng bata o ibang doktor. Ang mga referral ay maaaring gawin ng sinumang pamilyar sa bata.

### **Paano ko tatalakayin ang aking mga alalahanin sa aking doktor o sa aking lokal na regional center?**

Kung nag-aalala ka tungkol sa paglaki at pag-unlad ng iyong sanggol o paslit, ang impormasyong ito ay makakatulong sa iyo na talakayin ang iyong mga alalahanin sa iyong doktor o sa iyong lokal na regional center. Tatalakayin ng regional center ang mga magagamit na pagsusuri at makikipagtulungan sa iyo upang makumpleto ang pagsusuri. Kasama sa mga magagamit na pagsusuri ang:

- Kaugnay ng Pag-unlad (kabilang ang motor function, komunikasyon, pagproseso ng impormasyon)
- Pakikisalamuha o Kasanayang Panlipunan
- Pandinig
- Paningin

Ang pagsusuri sa pag-unladay tumitingin sa lahat ng aspeto ng pag-unlad ng isang bata mula sa komunikasyon hanggang sa mga kasanayan sa pakikisalamuha at pang-araw-araw na pamumuhay. Ito ang mga halimbawa ng mga pag-uugali na dapat sundan ng isang pagsusuri sa pag-unlad:

- Hindi regular na tumitingin sa iyong mukha
- Hindi sumasagot kapag tinatawag sa pangalan
- Hindi nasisiyahan na hinahawakan
- Mahirap mapakalma
- Sa humigit-kumulang 4 na buwan, hindi gumagawa ng ingay ng isang sanggol kapag natutuwa, hindi nagpipilit na magsalita, o hindi ngumingiti
- Hindi nagpapakita ng mga ekspresyon ng mukha tulad ng masaya, malungkot, galit at nagulat sa edad na 9 na buwan
- Pagsapit ng unang kaarawan, hindi kumakaway ng 'ba-bay' o iba pang mga pagkilos
- Pagsapit ng unang kaarawan, hindi umiiling bilang pahiwatig na 'hindi'
- Pagsapit ng unang kaarawan, hindi nagsasabing 'mama' o 'dada'
- Pagsapit ng unang kaarawan, hindi naglalaro ng mga larong tulad ng pat-a-cake
- Pagsapit ng ika-15 buwan, hindi nagpapakita sa iyo ng mga bagay na gusto nila
- Nawawalan ng mga kasanayan at kakayahan, tulad ng paghinto sa pagsasabi ng mga salita o paghinto sa pagtingin sa iyo



Ito ay mga halimbawa ng mga hamon sa kalusugan at pag-uugali na dapat sundan ng isang pagsusuri sa pandinig:

- Kadalasang sumasakit ang tainga
- May impeksyon sa tainga, ilong, at lalamunan
- Hindi pinapansin ang malalakas na ingay
- Hindi tumitingin kapag may nagsasalita o kapag may ingay
- Hindi tumutugon kapag tinawag mula sa kabilang panig ng kuwarto kahit na ito ay para sa isang bagay na karaniwan niyang gusto o na interesado siya
- Tinututok ang parehong tainga sa direksyon ng isang tunog



Ito ay mga halimbawa ng mga hamon sa kalusugan at pag-uugali na dapat sundan ng isang pagsusuri ng paningin:

- Namumula at nagluluha ang mga mata
- Nagmumuta ang mga talukap ng mata
- Madalas kuskusin ang mga mata
- Nahihirapang magpokus o tumingin sa mata
- Sobrang inilalapit ang mga libro o bagay sa mukha
- Nakaupo nang sobrang lapit sa TV kapag nanonood ng palabas
- Ipinipikit ang isang mata o ikinikiling ang ulo kapag tumitingin sa isang bagay
- Parang hindi gumagalaw nang sabay ang mga mata
- Tila duling o banlag

Ito ay mga halimbawa ng mga hamon sa kalusugan at pag-uugali na dapat sundan ng isang pagsusuri ng motor function:

- Naninigas ang mga braso at/o binti
- Nag-aarko paatras o tumutulak palayo kapag hinawakan o niyayakap
- Pagsapit ng ika-4 na buwan, hindi itinataas ang ulo

- Pagsapit ng ika-6 na buwan, hindi bumabaliktad sa pagkakahiga o gumugulong
- Pagsapit ng unang kaarawan, hindi umuupo o gumagapang gamit ang mga kamay at tuhod
- Pagsapit ng unang kaarawan, hindi kumukuha ng maliliit na bagay gamit ang daliri at hinlalaki
- Pagsapit ng ika-2 kaarawan, hindi naglalakad mag-isa
- Pagsapit ng ika-2 kaarawan, nahihirapang humawak ng malalaking krayola at magguhit-guhit
- Pagsapit ng ika-30 buwan, nadadapa o natitisod nang madalas kapag tumatakbo
- Pagsapit ng ika-30 buwan, nahihirapang magbukas ng mga pahina ng isang libro



Ito ay mga halimbawa ng pag-uugali na dapat sundan ng isang pagsusuri sa komunikasyon:

- Pagsapit ng ika-4 na buwan, hindi gumagawa ng ingay ng isang sanggol o ngumingiti
- Pagsapit ng ika- 6 na buwan, hindi nagpipilit magsalita upang makakuha ng atensyon
- Pagsapit ng unang kaarawan, hindi tumutugon sa mga salitang tulad ng 'night-night'
- Pagsapit ng unang kaarawan, hindi pinapangalanan ang mga tao ('mama', 'dada') o mga bagay ('bote')
- Pagsapit ng unang kaarawan, hindi umiiling bilang pahiwatig na 'hindi'
- Pagsapit ng ikalawang kaarawan, hindi nagtuturo ng mga bagay o hindi pinapangalanan ang mga bagay na gusto niya
- Pagsapit ng ikalawang kaarawan, hindi gumagamit ng dalawang salita na parirala ("mama go", "gusto juice")
- Pagsapit ng ikatatlong buwan, hindi sinusubukang sabihin ang mga pamilyar na rhyme o kanta
- Pagsapit ng ikatatlong buwan, hindi kayang sumunod sa mga simpleng direksyon



Ito ay mga halimbawa ng pag-uugali na dapat sundan ng isang pagsusuri sa pagproseso ng impormasyon:

- Pagsapit ng unang kaarawan, nahihirapang maghanap ng bagay matapos itong makitang nakatago
- Pagsapit ng ikalawang kaarawan, hindi itinuturo ang mga bahagi ng katawan kapag tinanong, halimbawa, 'nasaan ang iyong ilong?'
- Pagsapit ng ikatatumpung buwan, hindi naglalaro ng kunwa-kunwarian
- Pagsapit ng ikatatumpung buwan, tila hindi nauunawaan ang 'higit pa'

Matuto nang higit pa tungkol sa [kung paano ipaliwanag ang iyong mga dahilan para sa mga alalahanin](#).



### **Paano tinutukoy ang pagiging karapat-dapat sa Early Start?**

Ang Service Coordinator, o Intake Specialist, ay magtatanong sa iyo ng ilang tanong at kung mayroon pang ibang makakaalam tungkol sa pag-unlad ng iyong anak. Maaaring kabilang dito ang mga miyembro ng pamilya, doktor ng iyong anak, mga guro, at mga social worker. Titipunin din ng Service Coordinator o Intake Specialist ang mga resulta ng pagsusuri. Makikipagpulong sa iyo ang team ng Early Start upang pag-aralan ang mga pagsusuri at pamantayan sa pagiging karapat-dapat.

### **Pagsisimula: Madali lang!**

Nag-uumpisa ito sa isang tawag sa telepono o isang nakasulat na referral sa regional center. Kahit sino ay maaaring gumawa ng referral sa isang regional center. Kabilang dito ang doktor ng iyong anak, tagapagkaloob ng pangangalaga sa bata, o *ikaw*. Tawagan ang iyong lokal na regional center para simulan ang proseso.

Mahamanap mo ang iyong lokal na regional center sa pamamagitan ng

- Paghahanap ng impormasyon sa pakikipag-ugnay para sa mga regional center sa [website ng DDS](#)
- Pagtawag sa helpline ng DDS para sa Early Start 800-515-BABY (800-515-2229)
- Email: [earlystart@dds.ca.gov](mailto:earlystart@dds.ca.gov)

### **Ano ang mangyayari kapag tumawag ako sa regional center?**

Mayroong 5 hakbang pagkatapos ng unang pakikipag-ugnayan sa regional center. Ang ika-1 hanggang ika-3 hakbang ay tinatawag na "intake".

### **Ika-1 Hakbang: Referral o pakikipag-ugnayan sa regional center**

Itatalaga sa iyo ang isang miyembro ng team ng regional center na tutulong sa pag-iiskedyul ng mga pagsusuri at gagabay sa iyo sa proseso para malaman kung karapat-dapat ang isang sanggol o bata. Ang taong ito ay maaaring isang intake specialist o isang case manager, na kilala rin bilang Service Coordinator. Kung makikitang karapat-dapat para sa mga serbisyo, ang iyong Service Coordinator ay makikipag-ugnayan at magtataguyod para sa mga serbisyo at suporta na makakatulong sa iyo at sa iyong pamilya na ma-access ang mga serbisyo ng Early Start.

### **Ika-2 Hakbang: Pahintulot**

Ikaw (o ang taong maaaring legal na gumawa ng mga desisyong pang-edukasyon para sa isang bata, kung ang magulang ay hindi available) ay dapat pumirma sa isang form ng pahintulot na nagsasabing sumasang-ayon kang ipasuri ang iyong anak.

### **Ika-3 Hakbang: Mga Pagsusuri sa Pagiging Karapat-dapat at Pagtatasa ng Pangangailangan**

Sa sandaling makuha ang pahintulot, susuriin ang iyong anak upang matukoy kung karapat-dapat sila para sa mga serbisyo ng Early Start. Ang taong magsasagawa ng pagsusuri ay ilalarawan kung ano ang nangyayari sa bawat hakbang ng proseso. Sa ilang mga kaso, ang mga karagdagang pagtatasa ay maaaring kumpletuhin upang makatulong na matukoy ang mga serbisyong pinakamahusay na sumusuporta sa iyo at sa iyong anak.


[\[Tingnan ang Bahagi 1: Sino ang karapat-dapat para sa Early Start?\]](#)

### **Ika-4 na Hakbang: Individualized Family Service Plan (IFSP)**

Kung ang iyong anak ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Early Start, ikaw at ang iyong Service Coordinator ay bubuo ng isang Individualized Family Service Plan (IFSP). Kasama sa planong ito ang mga lakas at pangangailangan ng iyong anak, ang iyong mga alalahanin, at ang mga serbisyo ng Early Start na matatanggap ng iyong anak. [\[Tingnan ang Bahagi 3: Ano ang IFSP?\]](#)

### **Ika-5 Hakbang: Mga Serbisyo**

Kapag nabuo na ang IFSP, magsisimula ang mga serbisyo ng Early Start. Makikipagtulungan ka sa iyong service coordinator upang magpasya sa pinakamahusay na mga serbisyo para sa iyong anak na akma sa mga pangangailangan ng iyong pamilya. Ang mga serbisyo ay dapat mangyari sa "mga natural na kapaligiran". Ito ay mga pamilyar na lugar tulad ng iyong tahanan o iba pang mga setting ng komunidad.





**Dapat makumpleto ang lahat ng limang hakbang sa loob ng 45 araw ng unang pakikipag-ugnayan sa regional center.**

Kung hindi sumasagot ang regional center sa loob ng panahong ito, dapat mong ipagpatuloy ang pagtawag sa iyong Service Coordinator o Intake Specialist at isulat ang mga petsa ng iyong mga tawag. Dapat mo ring isulat kung ano ang sinabi sa iyo ng Service Coordinator o Intake Specialist upang maidokumento ang iyong pakikipag-ugnayan sa regional center. Kung naantala ng regional center ang prosesong ito, maaari kang magsampa ng reklamo sa direktor ng regional center at/o sa DDS. [[Tingnan ang Bahagi 5: Alamin Ang Iyong Mga Karapatan](#)]

**Ang kuwento ni Max ay isang maikling video na naglalarawan sa proseso ng intake:**

<https://youtu.be/VMCj9SCtEU0>

"Kapag ang mga pamilya ay dumadaan sa intake, sila ay nasa isang panahon ng hindi kapani-paniwalang stress at transisyon. Ang mga magulang ay nalulula sa umpisa dahil kinakaharap nila ang lahat ng bagong impormasyong ito. Ang ilang pamilya ay maaaring may mga hadlang sa wika at nangangailangan ng suporta sa kanilang wika."

– Tagapagtaguyod ng Pamilya

### **Mayroon bang kapaki-pakinabang na impormasyon na dapat kong ibahagi sa regional center?**

Ginagamit ng regional center ang impormasyon tungkol sa iyong anak at sa iyong pamilya upang makita kung ang iyong anak ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Early Start. Gumagamit din ito ng impormasyon para makita kung anong mga serbisyo ang kailangan mo at ng iyong anak. Lahat ng impormasyon tungkol sa iyong anak ay makakatulong. Maaari kang magbigay ng mahalagang impormasyon upang matulungan ang regional center na maunawaan ang mga lakas at pangangailangan ng iyong anak, at ang iyong mga alalahanin bilang isang magulang. Maaari ka ring magbigay ng impormasyon mula sa iba pang mga mapagkukunan.

Halimbawa:

- Impormasyon tungkol sa pagbubuntis at panganganak
- Kahit anong rekord ng ospital at/o mga medikal na rekord
- Anumang mga ulat sa pagsusuri (hal., mga resulta ng screening, mga pagsusuri na ginawa ng isang psychologist o isang physical therapist)
- Mga ulat o alalahanin mula sa Early Head Start, Home Visitors, Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children (WIC), o Day Care

Ang lahat ng impormasyong ibibigay mo ay kumpidensyal. Hindi ito ibabahagi sa sinuman nang walang pahintulot mo.

Sa panahon ng pagsusuri, ilalarawan sa iyo ng isang eksperto sa pag-unlad ng bata ang proseso ng pagsusuri. Ang eksperto ay maaaring isang child psychologist, isang speech and language pathologist, isang occupational therapist, o ibang propesyonal na may kinalaman sa pag-unlad ng bata.

Sa panahon ng pagsusuri, ang taong ito ay maaaring:

- Makipaglaro sa iyong anak bilang bahagi ng pagtatasa upang matukoy ang kanyang mga kakayahan
- Pagmasdan kang naglalaro at makisalamuha sa iyong anak
- Magtanong sa iyo ng mga tanong tungkol sa iyong anak, sa iyong pamilya, at sa pagbubuntis at panganganak

Ang mga resulta ng pagtatasa ay ihahambing sa ibang mga bata na parehong edad na walang mga pagkaantala o kapansanan sa pag-unlad.



## **May iba pa bang makakatulong sa akin?**

Makakatanggap ka ng tulong mula sa:

**Mga Family Resource Center:** hihingi sa iyo ng pahintulot ang iyong Service Coordinator o Intake Specialist na ibahagi ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa isang center sa iyong lugar. Ito ang mga center kung saan maaaring nagtatrabaho ang mga magulang ng mga batang may kapansanan. Maaari silang magbigay sa iyo ng mga mapagkukunan at suporta. Maaari ka nilang ikonekta sa ibang mga pamilya na dumaranas ng parehong karanasan sa iyong pamilya. Marami silang alam tungkol sa:

- Ano ang pakiramdam ng mag-alala tungkol sa iyong anak
- Early Start
- Iba pang mga lokal na mapagkukunan na makakatulong sa iyo at sa iyong anak
- Iba't ibang pagkaantala at kapansanan sa pag-unlad



Sa buong California mayroong [Mga Family Resource Center](#). Makakahanap ka rin ng higit pang impormasyon sa [website ng DDS](#).

**Baby Line:** ito ay isang hotline na maaaring makapagbigay ng impormasyon tungkol sa Early Start

- 800-515-BABY (800-515-2229)

**211:** Maraming county sa California ang mayroong 211 hotline.

- Maaaring makapagbigay ang 211 ng mga mapagkukunan para sa maraming iba't ibang uri ng pangangailangan, kabilang ang mga referral para sa mga sanggol at paslit. Maaari kang makipag-ugnayan sa kanila sa pamamagitan ng pag-dial ng "211" o pagpunta sa kanilang [website](#).



**Help Me Grow (HMG)**

- Ang iyong county ay maaaring mayroong Help Me Grow na programa. Ang HMG ay nagbibigay ng impormasyon at mga mapagkukunan sa mga magulang ng mga batang nasa edad na mula pagkasilang - 5. Maaari mong makita kung mayroong isang lokal na HMG sa pamamagitan ng pagbisita sa kanilang [website](#).



**Ang iyong lokal na distrito ng paaralan o opisina ng edukasyon ng county**

- Ang ilang bata ay tumatanggap ng mga serbisyo ng Early start sa pamamagitan ng kanilang distrito ng paaralan o opisina ng edukasyon ng county sa halip ng regional center. Ang mga paaralan ay maaaring magbigay ng mga serbisyo ng Early Start sa mga bata na mayroon lamang kapansanan sa:
  - paningin
  - pandinig
  - malubhang orthopedic na kapansanan
  - anumang kumbinasyon ng mga kapansanan na ito
- Kung ang iyong anak ay may alinman sa o lahat ng mga kondisyong ito, tutulungan ka ng iyong lokal na regional center na kumonekta sa iyong distrito ng paaralan para sa mga serbisyo ng Early Start.

**Ang aking anak ay hindi karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Early Start sa ngayon. Ano ang aking mga opsyon?**

**Maghanap ng iba pang mga programa:** Maaari mong tanungin ang iyong Intake Specialist o Service Coordinator tungkol sa iba pang mga programa na makakatulong sa iyong anak.

- Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na Family Resource Center para sa impormasyon tungkol sa iba pang mga programa [[Tingnan ang Bahagi 6: Mga Kontak at Mga Mapagkukunan](#)]

**Resolusyon Sa Pagtutol:** Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon tungkol sa pagiging karapat-dapat ng iyong anak, maaari mong i-dispute o tutulan ang desisyon. Ang form para maghain ng resolusyon sa pagtutol ay isasama sa iyong liham ng pagtanggì. Maaari kang tumutol sa pamamagitan ng pagpili ng alinman sa mga sumusunod:

- Humiling ng pagpupulong na may tagapamagitan; o
  - Ang pagpupulong na may tagapamagitan ay isang impormal na paraan upang malutas ang hindi pagsang-ayon sa regional center sa tulong ng isang walang kinikilingang partido.
- Humiling ng pagdinig na may nararapat na proseso (due process hearing); o
  - Ang pagdinig na may nararapat na proseso (due process hearing) ay kung saan ang isang hukom ay magpapasya kung nagkamali ang regional center sa kanilang desisyon.
- Maghain ng reklamo laban sa estado.
  - Ang reklamo laban sa estado ay isang nakasulat na reklamo na isinusumite sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad ng California (California Department of Developmental Services).

**Mag-apply ulit:** Maaari kang mag-apply muli sa ibang pagkakataon kung kailangan pa ng iyong anak ng tulong.

Ang pagiging karapat-dapat ay **HINDI** nakasalalay sa

- Kita ng pamilya
- Katayuang pang-imigrasyon

Kung ang iyong anak ay hindi karapat-dapat para sa Early Start, magbibigay ang regional center ng mga mapagkukunan para sa iba pang magagamit na mga programa maaaring makatulong sa iyo.

Makikita ang higit pang impormasyon sa [Mga Karapatan ng Maqulang: Isang Gabay sa Maaqang Pagsisimula \(Early Start\) para sa mga Maqulang \(binago noong 2010\)](#).



## BAHAGI 3: PAG-NAVIGATE NG EARLY START

### **Ang aking anak ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng Early Start. Ano ang susunod?**

Upang makakuha ng mga serbisyo ng Early Start, makikipagtulungan ka sa iyong Service Coordinator. Ikaw ay itatalaga sa isang Service Coordinator kapag ang iyong anak ay nakitang karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Early Start.

### **Paano ako matutulungan ng Early Start Service Coordinator?**

Ikaw at ang iyong Service Coordinator ay isang team. Ang iyong Service Coordinator ay ang iyong koneksyon sa mga serbisyo ng Early Start. Isasaayos at itataguyod ng iyong Service Coordinator ang mga serbisyo at suporta ng Early Start para sa iyong anak at pamilya.

Ang iyong Service Coordinator ay maaari kang:

- Tulungan na maghanda para sa iyong mga pakikipagpulong sa IFSP
- Tulungan na makuha ang mga serbisyo at suporta na nakalista sa iyong IFSP
- Tulungan na ma-access ang mga serbisyo sa pamamagitan ng iyong insurance, county, o iba pang mapagkukunan

Maaari kang humingi ng ibang Service Coordinator kung sa tingin mo ay hindi naaangkop ang taong ito para sa iyong pamilya.



“Kailangang malaman ng mga magulang kung anong mga serbisyo ang maaaring makuha. Gusto lang namin ng detalyadong paliwanag ng mga serbisyo ng Early Start at lahat ng mga posibilidad.”  
– Magulang

### **Ano ang Individualized Family Service Plan (IFSP)?**

Ang IFSP ay isang nakasulat na plano para sa pagbibigay ng mga serbisyo sa iyong anak at pamilya pagkatapos na makitang karapat-dapat ang iyong anak para sa mga serbisyo ng Early Start.

### **Paano nabuo ang IFSP?**

Ang IFSP ay binuo ng isang pangkat sa isang pagpupulong ng IFSP. Ang mga kabilang sa mga miyembro ng team ay ikaw, ang iba mong miyembro ng pamilya, ang iyong Service Coordinator, at ang mga taong nagtatasa o nagbibigay ng mga serbisyo sa iyong anak. Ikaw ang pinakamahalagang miyembro ng team ng IFSP. Maaari ka ring mag-imbata ng ibang tao, gaya ng doktor, o kaibigan para sa suporta. Maaari ka ring mag-imbata ng isang tagapagtaguyod upang tulungan kang ipahayag ang iyong mga pananaw, hiling at tulungan kang manindigan para sa iyong mga karapatan, kung sa tingin mo ay kailangan ito.

Kasama sa IFSP ang impormasyon tungkol sa:

- Pag-unlad ng iyong sanggol o paslit kabilang ang
  - Mga Lakas (kung ano ang mahusay nilang ginagawa)
  - Mga Alalahanin (ano ang naantala o mahirap para sa kanila)
  - Mga Mapagkukunan (pribadong insurance, iba pang mga pampublikong benepisyo, mas malawak na pamilya o extended family, atbp.)
- Sa iyong pagsang-ayon, maaari ring isama ang iyong mga mapagkukunan, alalahanin, at layunin
- Mga kalalabasan: mga layunin para sa iyong anak at kung paano susukatin ang progreso

Ang isang IFSP ay magkakaroon ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo:

- Ano ang ibibigay na mga serbisyo
- Sino ang magbibigay ng mga serbisyo
- Kailan sila mag-uumpisa
- Kung saan ibibigay ang mga ito, na maaaring sa pamamagitan ng remote na elektronikong komunikasyon kung iyon ang gusto ng iyong pamilya
- Gaano katagal at gaano kadalas ibibigay ang mga serbisyo
- Sino ang magbabayad para sa kanila
- Ang transisyon mula sa Early Start: paano ka susuportahan kapag ang iyong anak ay magtatatlong taong gulang na

### **Paano tinutukoy ang mga serbisyo?**

Ang mga serbisyong hinihiling mo ay dapat tumugma sa mga partikular na pangangailangan ng iyong anak. Kaya, habang maaari kang humiling ng ilang partikular na mga serbisyo, kailangan mong ilarawan ang iyong mga alalahanin, at kung paano makakatulong ang mga serbisyo sa pag-unlad ng iyong anak at sa iyong mga layunin. Dapat mong regular na talakayin ang mga pangangailangan ng iyong anak sa iyong Service Coordinator. Makakatulong ang Service Coordinator na kilalanin at makuha ang mga kinakailangang serbisyo at suporta. Ang ilan sa mga serbisyong natatanggap mo ay maaaring tawaging mga panlahatang serbisyo. Ito ang mga serbisyong babayaran ng ibang mga sistema (tulad ng iyong insurance) at hindi ng regional center.



### **Maari bang magbago ang IFSP?**

Ang IFSP ay maaari at dapat magbago habang ang iyong anak ay nagkakaroon ng mga bagong kasanayan o kung ang iyong pamilya ay may mga bagong alalahanin tungkol sa progreso ng iyong anak. Maaari kang humiling na baguhin ang IFSP pagkatapos mong lagdaan ito. Ang IFSP ay maaaring baguhin anumang oras kapag may pangangailangan na gawin ito.

### **Timeline ng IFSP**

Ang iyong unang IFSP, kabilang ang pagsusuri sa mga kakayahan ng iyong anak at pagtukoy ng mga serbisyo, ay dapat maganap **sa loob ng 45 araw ng iyong unang pakikipag-ugnayan sa regional center**. Pagkatapos nito, magkakaroon ka ng pagsusuri sa IFSP nang kahit na kada tatlong buwan. Ang mga pagpupulong na ito ay mahalaga dahil lumalaki at mabilis na nagbabago ang napakaliit na mga bata. Nangangahulugan ito na ang mga pangangailangan ng iyong anak at pamilya ay maaaring mabilis ding magbago. Maaari ka ring makipagpulong sa IFSP anumang oras na may mga bagong pangangailangan, o kung may magbago.

### **Anong uri ng mga serbisyo ang maaari kong matanggap mula sa Early Start?**

Ang Early Start ay maaaring magbigay ng malawak na hanay ng mga serbisyo. Ang mga serbisyong nakukuha mo at ng iyong anak ay nakadepende sa mga pangangailangan ng iyong anak. Maaaring makakuha ng iba't ibang serbisyo ang mga bata dahil magkaiba sila ng mga pangangailangan. [[Tingnan ang Glossary para sa mga kahulugan ng mga serbisyong ito](#)]

Narito ang ilan sa mga karaniwang serbisyong ibinibigay ng mga kwalipikadong propesyonal:

- pantulong na teknolohiya
- audiology
- pagsasanay sa pamilya, pagpapayo, at mga pagbisita sa bahay
- therapy sa pagpapakain
- mga serbisyong pangkalusugan
- mga serbisyo sa pag-unlad ng sanggol
- mga serbisyong medikal para sa mga layuning dyagnostiko/  
pagsusuri lamang
- mga serbisyo sa pag-aalaga (nursing services)
- mga serbisyo sa nutrisyon
- occupational therapy
- pisikal na therapy
- mga serbisyong sikolohikal
- koordinasyon ng serbisyo (pamamahala ng kaso)
- sign language at mga serbisyo para sa mga nagbibigay hudyat na wika (cued language)
- mga serbisyo sa gawaing panlipunan (social work services)
- espesyal na pagtuturo
- serbisyo sa pagsasalita at wika
- transportasyon at mga kaugnay na gastos
- mga serbisyo sa paningin

“Maghanda para sa iyong pagpupulong sa IFSP. Isulat ang iyong mga saloobin sa mga tanong tulad ng: Ano ang mga pangangailangan ng iyong anak? Ano ang iyong mga alalahanin? Ano ang ilang bagay na makakatulong sa iyong anak at sa iyong pamilya?”  
– Tagapagtaguyod ng Pamilya

## Pagpirma ng IFSP

- Bago magsimula ang mga serbisyo sa iyong anak, dapat mong lagdaan ang IFSP
- Ang mga serbisyong sinasang-ayunan mo ay maaaring magsimula sa sandaling lagdaan mo ang IFSP
- Bago ka pumirma, at kung hindi ka sumasang-ayon sa anumang bagay sa IFSP, may mga bagay na maaari mong gawin upang ayusin ang iyong mga hindi sinasang-ayunan

## Ano ang maaari kong gawin kung hindi ako sumasang-ayon sa IFSP?

### Pagpupulong na may Tagapamagitan

- Maaari kang humingi ng isang pakikipagpulong upang talakayin ang iyong mga hindi sinasang-ayunan sa isang walang pinapanigan na “tagapamagitan” upang makatulong na malutas ang mga hindi sinasang-ayunan
- Ang impormasyon tungkol sa pagpupulong na may tagapamagitan ay matatagpuan sa [website ng DDS](#)



### Nararapat na Proseso (Due Process)

- Maari kang humiling ng “pagdinig na may nararapat na proseso (due process hearing)”.
- Ang impormasyon tungkol sa mga pagdinig na may nararapat na proseso ay matatagpuan sa [website ng DDS](#)

### Reklamo sa Estado

- Maaari ka ring maghain ng “reklamo sa estado (state complaint)” kung sa tingin mo ay nagkaroon ng paglabag sa mga batas at regulasyon ng pederal o estado.
- Ang impormasyon tungkol sa paghahain ng reklamo sa estado ay matatagpuan sa [website ng DDS](#).

Makikita ang higit pang impormasyon sa [Mga Karapatan ng Magulang: Isang Gabay sa Maagang Pagsisimula \(Early Start\) para sa mga Magulang \(binago noong 2010\)](#).

[\[Tingnan ang Bahagi 5: Alamin ang Iyong Mga Karapatan\]](#)

*“Ang pagtulong sa mga pamilya na maunawaan ang lahat ng mga serbisyong maaaring magamit ay talagang mahalaga. Kung paano nakakonekta ang mga serbisyong ito sa pangangailangan ng kanilang anak...Kung may pangangailangan, mayroon kaming isang bagay na maaari naming pansuporta sa kanila.”*

*– Propesyonal / Kawani ng Regional Center*

# BAHAGI 4: MULA SA EARLY START HANGGANG SA PAARALAN

## **Ano ang aking mga pagpipilian kapag ang aking anak ay naging 3 taong gulang?**

Magtatapos ang Early Start sa edad na 3 taong gulang. Ito ay tinatawag na transisyon. Bagama't ang transisyon ay nangyayari sa 3 taong gulang, ikaw at ang iyong Service Coordinator ay magsisimulang maghanda para dito nang hindi bababa sa 6 na buwan bago ito mangyari.

Sa ibaba makikita mo ang iba't ibang yugto upang ihanda ka para sa paglalakbay sa Early Start at higit pa. Marami sa mga serbisyong ito ay nangangailangan ng pagtatasa upang makita kung ang iyong anak ay kwalipikado.



Yugto sa Buhay	Pagkapanganak hanggang 2 Taong Gulang	3 hanggang 4 na Taong Gulang	5 hanggang 21 Taong Gulang
Ibinibigay sa pamamagitan ng Sistema ng Edukasyon	Early Intervention (Maagang Interbensyon)	Espesyal/Maagang Edukasyon	Espesyal/Pangkalahatang Edukasyon (K-12)
Ibinibigay sa pamamagitan ng Regional Center System	Early Start*	Pansamantalang Pagiging Karapat-dapat para sa Lanterman o Lanterman*	Lanterman*

\*Ang iyong anak ay maaaring maging kwalipikado para sa Lanterman Services sa anumang edad at ang mga serbisyo ay magpapatuloy habang-buhay.

[\[Tingnan ang Glossary para sa mga kahulugan\]](#)

## **Pagpapalano para sa transisyon**

Hindi bababa sa 90 araw bago ang iyong anak ay maging 3 taong gulang, ikaw at ang iyong service coordinator ay makikipagkita sa isang tao mula sa paaralan ng iyong anak upang bumuo ng isang plano ng transisyon. Ito ay tinatawag na pagpupulong para sa plano ng transisyon. Makakasama sa planong ito ang:

- Mga hakbang sa pagkuha ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, kung kinakailangan
- Kung magpapatuloy na maging karapat-dapat ang iyong anak para sa mga serbisyo ng regional center at/o
- Kung ang iyong anak ay karapat-dapat para sa Mga Panlahatang Serbisyo tulad ng:
  - Mga programa sa lokal na komunidad (Head Start, State Preschool, First 5, Help Me Grow, atbp.)
  - Insurance sa Kalusugan
  - Pribadong pinopondohan

Ang ilang bata ay patuloy na magiging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng regional center, ngunit ang iba ay hindi.

Sa edad na 3 taong gulang, maaaring nasa isa sa tatlong landas ang iyong anak:

- Maaaring maging karapat-dapat ang iyong anak para sa parehong mga serbisyo ng regional center at mga serbisyo ng espesyal na edukasyon mula sa distrito ng paaralan. Ang paaralan ay nagbibigay ng mga serbisyo para sa benepisyong pang-edukasyon lamang habang ang regional center ay nagbibigay ng mga serbisyo upang suportahan ang pakikilahok ng tao sa buhay tahanan at komunidad. Ang iyong anak ay magkakaroon na ngayon ng dalawang plano: isang Individualized Education Program (IEP) para sa paaralan at isang Individual Program Plan (IPP) para sa regional center.
- Maaaring maging karapat-dapat ang iyong anak para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon o para sa mga serbisyo ng regional center. Pagkatapos ang iyong anak ay magkakaroon ng isang Individualized Education Program (IEP) para sa paaralan lamang o isang Individual Program Plan (IPP) para sa regional center.
- Maaaring hindi malinaw na natutugunan ng ilang bata ang pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng regional center sa edad na 3 taong gulang ngunit maaaring maging kwalipikado para sa mga serbisyo ng regional center sa ilalim ng pansamantalang pagiging karapat-dapat.
- Ang iyong anak ay maaaring wala nang malaking pagkaantala o kapansanan sa pag-unlad at sa gayon, ay hindi magiging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng regional center o espesyal na edukasyon.

Sa alinman sa mga landas na ito, ang iyong anak ay maaaring makatanggap ng mga panlahatang serbisyo at lumahok sa mga lokal na programa ng komunidad nang sabay-sabay, kasama ang ibang bata may kapansanan man o wala. Tutulungan ka ng iyong Service Coordinator na mahanap at ma-access ang mga programang ito kapag binuo mo ang iyong plano ng transisyon. Mangyaring suriin ang susunod na ilang pahina para sa higit pang impormasyon.



### **Karapat-dapat para sa patuloy na mga serbisyo ng regional center**

Ang pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng regional center ay nagbabago sa edad na 3 taong gulang. Gayon din ang pangalan ng programa. Ang programa na nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga taong may kapansanan sa pag-unlad ay tinatawag na 'Lanterman Act services'. Kabilang sa mga diagnosis na nagkakwalipika para sa Lanterman Act services ang:

- Autismo
- Cerebral palsy
- Epilepsy
- Kapansanang intelektwal
- Mga kondisyong katulad ng kapansanang intelektwal o nangangailangan ng katulad na paggamot
  - o *Tinatawag ding ika-5 kategorya*

**At** ang kapansanan ay nagdudulot ng malaking kahirapan sa pang-araw-araw na buhay ng tao sa hindi bababa sa tatlong aspeto ng paggana. [[\*Tingnan ang Bahagi 1: Sino ang karapat-dapat para sa Early Start?\*](#)]

Sa ilang mga kaso, maaaring matugunan ng mga bata ang pagiging karapat-dapat para sa Lanterman Act services bago sila umabot sa 3 taong gulang. (hal., isang batang may Down syndrome, Fragile X syndrome)



### **Pansamantalang pagiging karapat-dapat**

Ang ilang mga bata ay maaaring hindi malinaw na nakakatugon sa pagiging karapat-dapat para sa Lanterman Act services sa edad na 3 taong gulang, ngunit maaaring maging kwalipikado para sa pansamantalang pagiging karapat-dapat. Maaaring wala pang kwalipikadong diagnosis ang bata, o maaaring wala silang sapat na kapansanan.

Makakatanggap pa rin ang mga bata ng Lanterman Act services kung natutugunan nila ang mga kondisyon para sa pansamantalang pagiging karapat-dapat:

- Ang bata ay 3 o 4 na taong gulang
- Ang kapansanan ay hindi lamang pisikal ang katangian
- Ang bata ay may makabuluhang limitasyon sa dalawa sa mga sumusunod na aspeto ng mga aktibidad sa buhay:
  - Pagbibihis at pagkain (Pag-aalaga sa sarili)
  - Pakikinig at pagsasalita (Tumatanggap at nagpapahayag na wika)
  - Pag-aaral, pag-iisip at paglutas ng problema (Mga milestone sa aspetong kognitibo)
    - gumuguhit ng bilog kapag ipinakita mo kung paano
    - iniwasang hawakan ang mga maiinit na bagay, tulad ng kalan, kapag nagbigay ka ng babala
  - Paglalakad at paggalaw (Mobility)
  - Gumagawa ng pagpili, sinasabi sa iyo kung ano ang gusto ng iyong anak (Pagdirekta sa sarili)

Ang mga bata na tumatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng pansamantalang pagiging karapat-dapat ay maaaring tumanggap ng mga ito hanggang 5 taong gulang. Sa panahon na iyon, kakailanganin nilang matugunan ang pagiging karapat-dapat para sa Lanterman Act services. Kung hindi, magtatapos ang Lanterman Act services.

Mayroong higit pang impormasyon tungkol sa Lanterman Act services at pansamantalang pagiging karapat-dapat sa pakete ng impormasyon na *Welcome to Lanterman Act Services*.



### **Karapat-dapat para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon**

- Maraming mga bata na hindi karapat-dapat para sa Lanterman Act services ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon.
- Karamihan sa mga bata na karapat-dapat para sa Lanterman Act services ay karapat-dapat din para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon.
- Simula 3 taong gulang, matatanggap ng mga karapat-dapat na bata ang karamihan sa mga serbisyo sa kanila sa pamamagitan ng espesyal na edukasyon. Ito ay totoo kahit na ang iyong anak ay hindi pumapasok sa isang pre-school program.
- Ang mga serbisyo sa iyong anak ay paplanuhin sa isang pagpupulong para sa Individualized Education Program (IEP).
- Mangyayari ito sa panahon ng ika-3 kaarawan ng iyong anak.

### **Hindi karapat-dapat para sa regional center o espesyal na edukasyon pagsapit ng 3 Taong Gulang**

- Ang ilang mga bata ay hindi karapat-dapat para sa Lanterman Act services o mga serbisyo ng espesyal na edukasyon pagsapit nila ng 3 taong gulang ngunit maaaring maging kuwalipikado para sa Pansamantalang Pagiging Karapat-dapat.
- Kadalasan ito ay ang mga bata na nakatanggap ng Early Start dahil sila ay nasa panganib na magkaroon ng kapansanan sa pag-unlad, ngunit naabutan nila ang ibang mga bata sa kanilang edad sa pag-unlad.
- Maaaring kailanganin pa rin ng ilang bata ang tulong, ngunit angn kanilang mga pangangailangan ay hindi sapat na makabuluhan para maging karapat-dapat para sa Lanterman Act services o espesyal na edukasyon.
- Matutulungan ka ng iyong Service Coordinator na tuklasin ang mga mapagkukunan sa iyong komunidad upang suportahan ang mga pangangailangan sa pag-unlad ng iyong anak.

Matutulungan ka ng regional center na kumonekta sa mga serbisyo, kahit na ang iyong anak ay hindi magiging karapat-dapat para sa Lanterman Act services.



# BAHAGI 5: ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

Bilang isang magulang, mayroon kang mga karapatan sa sistema ng regional center na kinabibilangan ng:

- Pagsusuri at pagtatasa
- IFSP
- Pagkakumpidensyal at pag-access sa mga rekord
- Naunang Nakasulat na Paunawa o Paunawa ng Pagkilos
- Hindi pagsang-ayon sa regional center

## Pagsusuri at pagtatasa

May karapatan ka na:

- Humiling ng pagsusuri para sa iyong anak
- Ipapaliwanag sa iyo ang proseso ng pagsusuri
- Pumayag sa isang pagsusuri
- Tumanggi sa isang pagsusuri
- Makilahok sa pagsusuri ng iyong anak
- Maging bahagi ng anumang talakayan tungkol sa pagiging karapat-dapat ng iyong anak at/o mga serbisyo sa iyong anak

Bilang karagdagan, ang mga pagsusuri ay dapat na:

- Isagawa sa wikang iyong pinili
- Maging angkop para sa iyong anak
- Isagawa ng isang propesyonal na kwalipikado na gawin ang pagsusuring iyon
- Isagawa sa mga setting na pamilyar sa iyong anak
- Isama ang pagsusuri ng iba pang mga rekord at mga ulat ng pagsusuri
- Masaklaw ang lahat ng aspeto ng pag-unlad



***“Magandang malaman na may karapatan tayong magkaroon ng impormasyong ito, na nariyan ito para sa atin, na magagamit natin ito sa anumang paraan, hugis o anyo, na dapat itong madaling maunawaan nating lahat.”***

***– Magulang***



### **Individualized Family Service Plan (IFSP)**

Ikaw ay kapantay at pinahahalagahang miyembro ng IFSP team ng iyong anak. Nangangahulugan ito na may karapatan kang:

- Dumalo sa pagpupulong para sa IFSP at tumulong sa pagbuo ng dokumento ng IFSP
  - Hindi maaaring magpulong para sa IFSP nang wala ka
- Mag-imbita ng mga tao sa pagpupulong, tulad ng iba pang miyembro ng pamilya, mga kaibigan, tagapagkaloob ng serbisyo at tagapagtaguyod, atbp.
- Pahintulutan ang IFSP
  - Hindi maaaring magsimula ang mga serbisyo nang wala ang iyong nakasulat na pahintulot
  - May karapatan ka ring magbago ng isip
- Ipabigay ang mga serbisyo sa “natural na kapaligiran” – mga lugar na pamilyar sa iyong anak, tulad ng iyong tahanan
  - Kung ang serbisyo ay hindi maaaring ibigay sa natural na kapaligiran, dapat sabihin sa iyo kung bakit
  - Maaari kayong makatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng malayuang elektronikong komunikasyon tulad ng mga telehealth na video call (tulad ng Zoom o Skype)
- Ipabahagi ang IFSP ng iyong anak sa ibang mga ahensya, kung may pahintulot mo lang
- Makatanggap ng "Abiso ng Aksyon"
  - Nangangahulugan ito na makakatanggap ka ng paunang nakasulat na paunawa kung tinanggihan o binago ng regional center ang isang serbisyo
- Ipapaliwanag o isalin ang IFSP sa iyong nais na wika
  - Maaari mong ipasalin ang dokumento sa iyong nais na wika at/o magkaroon ng interpreter sa pagpupulong para sa pagsusuri



### **Pagkakumpidensyal at pag-access sa mga rekord**

Ang mga record sa regional center ng iyong anak ay kumpidensyal at dapat panatilihin ng ligtas. Ito ay bahagi ng isang batas na tinatawag na Family Education Rights and Privacy Act (FERPA). Ang mga rekord na ito ay hindi maaaring ibahagi sa sinuman nang wala ang iyong pahintulot. May karapatan kang ipapaliwanag sa iyo ang batas na ito.

Maaari kang humingi sa iyong Service Coordinator ng kopya ng mga rekord. Magandang ideya na gawin ito sa pamamagitan ng sulat. Kung hihilingin mo ang mga rekord, dapat kang makatanggap ng kopya **sa loob ng 5 araw ng negosyo**.

Maaari mo ring hilingin na makipagkita sa Service Coordinator upang talakayin ang mga rekord. Dapat maganap ang pagpupulong na iyon **sa loob ng 5 araw ng negosyo**. Kung sa tingin mo ay may maling impormasyon sa mga rekord, may karapatan kang hilingin na baguhin o alisin ang impormasyong iyon. Ang team ng IFSP ay dapat sumang-ayon sa pagbabago upang ito ay ma-update.



### **Naunang Nakasulat na Paunawa o Paunawa ng Pagkilos**

Minsan maaaring hindi kayo magkasundo ng iyong regional center. Kung mangyari ito, dapat kayong bigyan ng regional center ng paunang nakasulat na paunawa. Halimbawa, maaaring hindi kayo magkasundo ng iyong regional center tungkol sa pagiging karapat-dapat ng iyong anak para sa mga serbisyo ng Early Start. O, maaaring hindi kayo magkasundo ng iyong regional center tungkol sa uri ng o halaga ng mga serbisyong natatanggap ng iyong anak o kung saan ibibigay ang mga serbisyong iyon.

Ang Paunawa ng Pagkilos ay nagsasabi sa iyo kung ano ang gustong gawin ng regional center. Dapat nitong sabihin sa iyo ang sumusunod:

- Ang aksyon na gagawin ng regional center
- Ang petsa kung kailan magaganap ang aksyon
- Ang dahilan ng desisyon kasama ang mga katotohanan at ang batas o patakaran na sumusuporta sa desisyong iyon
- Impormasyon tungkol sa kung paano iapela ang desisyon

### **Hindi pagsang-ayon sa regional center**

Bagama't ikaw, ang iyong Service Coordinator, at ang regional center ay isang team, maaaring may mga pagkakataon na hindi kayo magkakasundo. Maaaring mangyari ito kung ang regional center ay:

- Nagsabi na ang iyong anak ay hindi karapat-dapat para sa Early Start
- Nagmumungkahi ng mga serbisyong hindi mo gusto o sa tingin mo ay hindi kailangan ng iyong anak
- Tumatanggap magkaloob ng mga serbisyong gusto mo o sa tingin mo ay kailangan ng iyong anak
- Nais na baguhin o ihinto ang mga serbisyong sa tingin mo ay kailangan ng iyong anak

Dapat magbigay ng Paunang Nakasulat na Paunawa ang regional center sa kung ano ang gusto nilang gawin. Maaari mong piliin kung paano aayusin ang inyong hindi pagkakasundo.

Kadalasan ang pinakamahusay na paraan upang malutas ang isang hindi pagkakasundo ay sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iyong Service Coordinator. Maaaring mayroong hindi pagkakaunawaan, o maaaring nais mong magbigay ng bagong impormasyon tungkol sa iyong anak. Matutulungan ka rin ng iyong Service Coordinator na maunawaan kung ano ang maaari at hindi maaaring ibigay ng regional center. Bagama't hindi nito dapat maantala ang mga serbisyo, maaaring kailanganin mong subukan muna ang pagkuha ng isang panlahatang serbisyo. Ito ay kapag ang serbisyo ay binayaran ng ibang sistema tulad ng iyong medikal na insurance o distrito ng paaralan.

Kung ayaw mong makipag-usap sa iyong Service Coordinator o hindi gumana ang pakikipag-usap, maaari kang pumili ng iba pang mga opsyon. Magpapatuloy ang mga serbisyo sa iyong anak habang inaayos mo ang iyong pagtutol. Ito ay tinatawag na **“stay put”**. Ang iyong mga opsyon para sa paglutas ng pagtutol ay kinabibilangan ng mga impormal at pormal na opsyon.



### **Mga impormal na opsyon:**

**Pagsusulat o pakikipag-usap sa** supervisor ng iyong Service Coordinator, direktor ng Early Start o pamunuan ng regional center.

### **Pag-apela sa desisyon.**

- Maaari mong hilingin sa pamunuan ng regional center na suriin ang sitwasyon at baliktarin ang pagtanggap

## **Pormal na mga opsyon:**

### **Humiling ng Pagpupulong na may Tagapamagitan.**

- Sa isang Pagpupulong na may Tagapamagitan, tutulungan kayo ng isang taong walang kinikilingan, na tinatawag na 'tagapamagitan', upang maabot ang isang kasunduan sa regional center
- Ang sesyon na may tagapamagitan ay dapat mangyari sa loob ng 30 araw mula sa araw na hiniling ang isang tagapamagitan

### **Humiling ng isang Pagdinig na may Nararapat na Proseso (Due Process Hearing).**

- Ikaw at ang regional center ay makikipagpulong sa isang hukom na magpapasya kung dapat baliktarin ng regional center ang kanilang desisyon
  - Kung humingi ka ng pagdinig na may nararapat na proseso, ang hukom ay dapat gumawa ng desisyon sa loob ng 30 araw ng iyong kahilingan
  - Maaari kang maghain ng kahilingan para sa nararapat na proseso, ngunit maaari ka ring humingi ng mga impormal na opsyon o serbisyo ng tagapamagitan habang naghihintay ka para sa pagdinig
  - Sa ilang mga kaso, maaari mong malutas ang hindi pagkakasundo bago ang pagdinig
  - Kung hindi kayo makarating sa isang kasunduan ng regional center bago ang pagdinig, hindi magbabago ang timeline
  - Dapat pa ring mangyari ang lahat sa loob ng 30 araw ng iyong kahilingan para sa nararapat na proseso

**Pagsampa ng reklamo sa estado.** Kung sa tingin mo ay hindi sinunod ng regional center ang batas, maaari mong hilingin sa DDS na suriin ang sitwasyon.

- Ang estado ay may 60 araw para suriin ang iyong reklamo
- Maaari kang magsampa ng reklamo hanggang 1 taon pagkatapos ng hindi pagkakasundo (mas matagal sa ilang mga kaso)
- Kung ikaw ay naghahanap ng reimbursement para sa mga serbisyong dapat sana ay ibinigay, o pagwawasto, ang mga reklamo ay maaaring gawin hanggang 3 taon pagkatapos ng hindi pagkakasundo


[\[Tingnan ang Glossary para sa mga kahulugan\]](#)



**Nagawa ang kahilingan**

**Ika-30 araw**

**Ika-60 araw**



### **Sino ang makakatulong sa akin sa isang apela o reklamo?**

Magandang ideya na makipag-usap sa isang tagapagtaguyod o abogado bago magsampa ng reklamo, humiling ng tagapamagitan, o maghain ng kahilingan para sa nararapat na proseso. May mga ahensya na makakatulong sa iyo na maunawaan ang batas at ang iyong mga karapatan. Maaari rin silang kumatawan sa iyo kung kinakailangan.

Ito ang ilang ahensya na makakatulong sa iyo:

- [Office of Clients' Rights Advocacy \(OCRA\)](#): Ito ay isang programa ng Disability Rights ng California. Maaari silang magbigay ng legal na payo at representasyon. Mayroong abogado ng OCRA para sa heyograpikong lugar ng bawat regional center.
- [Disability Rights California \(DRC\)](#): Ito ay isang ahensya na itinalaga ng pederal na pamahalaan upang protektahan at itaguyod ang mga karapatan ng mga taga-California na may mga kapansanan. Matutulungan ka nilang maunawaan ang batas at ang iyong mga karapatan.
- [Ang State Council for Developmental Disabilities \(SCDD\)](#): Ito ay isang programang pinondohan ng pederal na pamahalaan na sumusuporta sa mga taong may kapansanan. Matutulungan ka nila na malaman ang tungkol sa sistema ng regional center at maaaring magsulong ng mga serbisyo. Mayroong 13 lokal na tanggapan sa buong California.

[\[Tingnan ang Bahagi 6: Mga Kontak at Mapagkukunan\]](#)

# BAHAGI 6: MGA KONTAK AT MAPAGKUKUNAN

## **Mga Kontak**

Upang mahanap ang iyong regional center, bisitahin ang [website ng DDS](#) at i-type ang iyong zip code sa search window.

*Upang maghanap sa mga zip code ng Los Angeles County, i-click ang tab na 'LA County'.*

**Gamitin ang listahang ito upang panatilihin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng iyong regional center sa isang lugar:**

## **Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan**

### **Ang Regional Center Ko**

Pangalan:

Telepono:

Pangkalahatang Email:

### **Ang Aking Service Coordinator**

Pangalan:

Telepono:

Email:

### **Ang Tagapamahala ng Aking Service Coordinator**

Pangalan:

Telepono:

Email:

### **Aking Lokal na Family Resource Center**

Pangalan:

Telepono:

Email:

Website:

## **Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services)**

[Website](#)

[Imposmasyon tungkol sa Early Start](#)

Baby Line: 800-515-BABY (800-515-2229)

## **Opisina ng Client's Rights Advocacy**

### **Mga Opisina ng Estado**

[Website](#)

Hilagang California: 800-390-7032 (TTY 877-669-6023)

Timog California: 866-833-6712 (TTY 877-669-6023)

## **Aking Lokal na Tanggapan ng Client's Rights Advocacy**

Telepono:

Email:

## **Disability Rights California**

[Website](#)

Telepono: 800-776-5746

TTY tumawag sa: 800-719-5798

## **Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad**

[Website](#)

Telepono: (916) 263-7919

Walang Bayad: (833) 818-9886

## **Aking Lokal na Tanggapan ng Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad**

Telepono:

Email:

## Mga Lokal na Pagkukunan

Link ng Pagkukunan	Kontak	Ano Ang Makikita Ko Dito?
<b>Mga Lokal na Pagkukunan</b>		
<a href="#">UC Davis MIND Institute</a>	2825 50th Street Sacramento, CA 95817 Pangunahing Linya: <a href="tel:916-703-0280">916-703-0280</a>	Ang misyon ng Mind Institute ay tutulong sa lahat ng pamilya na naaapektuhan ng mga hamon na neurodevelopmental upang isulong ang patas na pag-access sa mataas na kalidad ng pangangalagang pangkalusugan at pang-edukasyon para sa lahat ng mga miyembro ng aming komunidad.
<a href="#">Maagang Pagsisimula ng Komunidad (Early Start Neighborhood)</a>	<a href="#">Kontakin Kami – Maagang Pagsisimula ng Komunidad (Early Start Neighborhood)</a>	Ang Maagang Pagsisimula ng Komunidad (Early Start Neighborhood) ay nagbibigay ng “home base” para sa mga Bagong Nagsisimula na mga propesyonal at kasosyo na naghahanap ng pagsasanay, teknikal na tulong, at mapagkukunan sa maagang pakikialam na mga kahilingan ng Part C, implementasyon, at mga kasanayan na batay sa ebidensiya.
<a href="#">Warmline</a>	2424 Castro Way, Sacramento, CA 95818 9am - 5pm • Lunes- Biyernes 916-455-9500 / 844-455-9517 Toll Free	Ang pananaw ng Warmline ay linagin at palaguin ang kultura kung saan ang lahat ng mga bata ay may pangarap para sa kinabukasan.
<a href="#">SETA Head Start</a>	SETA Head Start 925 Del Paso Blvd. #100 Sacramento, CA 95815 (916) 263-3804	Pinaghuusay ng Head Start ang buhay ng mga batang mababa ang kita sa pamamagitan ng paglalaan sa pamilya na nakatuon sa pag-unlad ng bata at mga serbisyo ng kahandaan ng paaralan kabilang ang edukasyon, kalusugan, nutrisyon, at



		kalusugan ng isip.
<a href="#">Family Soup</a>	1650 Sierra Ave. Suite 106 Yuba City, CA. 95993 Phone: (530) 751-1925 Fax: (530) 751-1466 Email: Amber Soto <a href="mailto:ambers@familysoup.org">ambers@familysoup.org</a>	Ang Misyong ng Family SOUP ay mapalakas ang mga pamilya ng mga batang amy espesyal na pangangailangan sa pamamagitan ng suporta at edukasyon upang maabot ang buong potensyal bilang mga miyembro ng komunidad.

<a href="#">KidsFirst</a>	124 Main Street Roseville, CA 95678 Tel: 916.774.6802 Fax: 916.774.2685 Mga Oras ng Opisina: :Lunes hanggang Biyernes 8:30 a.m. hanggang 5 p.m. Email: <a href="mailto:kidsfirst@kidsfirstnow.org">kidsfirst@kidsfirstnow.org</a>	Pinatatakbo ng KidsFirst ang dalawang Counseling & Family Resource Centers, na may mga tauhan na sama-samang matatagpuan sa ilang mahahalaga, mataas ang pangangailangan ng mga lugar na siniserbisuhan sa paligid ng Placer County. Nakipagtulungan din sila sa Child Abuse Prevention Council ng Placer County.
<a href="#">Ed Cares</a>	Elizabeth Blakemore, Director 6767 Green Valley Road Placerville, CA 95667 Telepono: (530)295-2312 Fax: (530) 295-1506 <a href="mailto:eblakemore@edcoe.org">eblakemore@edcoe.org</a>	Sa pamamagitan ng pamumuhunan ng komunidad, ang Early Care and Education Planning Council ay tutugon sa pagpapahalaga sa ekonomiya, edukasyon at lipunan ng pangangalaga sa bata at mga programa ng pag-unlad sa County.
<a href="#">Head Start - Yolo County</a>	YOLO COUNTY OFFICE OF EDUCATION 1280 Santa Anita Court, Woodland, CA 95776 Telepono: (530)668-6700	Ang Early Childhood Education Department kasama ang aming mga programa ng Head Start/Early Head Start at State Preschool ay sumusuporta sa maagang pangangalaga at mga inisyatiba ng edukasyon na nagbibigay ng positibong mga oportunidad kasama ang karanasan sa paglalaro, kahandaan ng kinder, at pangunahing pangangalaga para sa lahat ng kwalipikadong bata na nagpapahintulot sa mga batang ito na magkaroon ng mga oportunidad na maging matagumpay sa paaralan at sa buhay.

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Early Start**

<b>Link sa Mapagkukunan</b>	<b>Kontak</b>	<b>Ano Ang Makikita Ko Rito?</b>
<b>Mga Mapagkukunan sa California</b>		
<a href="#">Isang Gabay sa Mapagkukunan para sa Mga Magulang ng mga Sanggol at Paslit Na Hindi Nakakarinig o Nahihirapang Makarinig</a>	Kagawaran ng Edukasyon ng California	Isang maikling panimula sa kumpletong Gabay sa Mapagkukunan na naglalaman ng komprehensibong impormasyon mula sa pananaw ng mga magulang tungkol sa mga wika, mga kasangkapan sa komunikasyon, at mga pamamaraang pang-edukasyon na ginagamit sa Pagtuturo sa mga Hindi Nakakarinig o Nahihirapang Makarinig
	Kagawaran ng Edukasyon ng California sa pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad	Isang 2 pahina at detalyadong sheet ng impormasyon na may mga detalye tungkol sa pag-unlad ng iyong anak
<a href="#">Ang Sentral na Direktoryo ng mga Mapagkukunan para sa Early Start / Early Intervention</a>	California Early Intervention Technical Assistance Network (CEITAN)  Telepono: 916-492-4012	May kasamang impormasyon kung saan kukuha ng tulong, sino ang karapat-dapat, kung paano ma-refer sa Early Start, at kung sino ang nagbibigay ng mga serbisyo ng Early Start
<a href="#">Mga Mapagkukunan para sa Early Start</a>	Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad - Early Start  Telepono: 800-515-BABY  Email: <a href="mailto:earlystart@dds.ca.gov">earlystart@dds.ca.gov</a>	Marami ang mapagkukunan para sa Early Start kabilang ang mga madalas itanong at isang Tool sa Paghahanap ng regional center upang makahanap ng mga serbisyo ng Early Start malapit sa iyo
<a href="#">Mga Madalas Itanong tungkol sa Early Start</a>	Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad - Early Start	Mga Sagot sa Mga Madalas Itanong tungkol sa Early Start
<a href="#">Impormasyon sa mga karapatan ng mga pamilya</a>	Disability Rights California  Telepono: 800-776-5746  TTY tumawag sa: 800-719-5798	Impormasyon sa mga karapatan ng mga pamilya kapag ina-access at ginagamit ang Early Start, kabilang ang pagiging karapat-dapat at transisyon; at mga batas ng estado kung paano dapat ibigay ang mga serbisyo ng Early Start

Mapagkukunan	Kontak	Ano Ang Makikita Ko Rito?
<b>Mga Mapagkukunan sa California (Ipinagpapatuloy)</b>		
<a href="#">Mga Family Resource Center ng Early Start</a>	Network ng Family Resource Center ng California  Telepono: 916-993-7781  Email: <a href="mailto:info@frcnca.org">info@frcnca.org</a>	Mga link sa lahat ng 47 Early Start Family Resource Center at isang glossary ng mga salitang ginagamit
<a href="#">Resources in Special Education (RiSE) Library (Parents Helping Parents)</a>	<a href="https://www.php.com/public-specialty-library/">https://www.php.com/public-specialty-library/</a>  Telepono: 855-727-5775	Isang <b>library ng mga mapagkukunan</b> sa pamamagitan ng Kagawaran ng Edukasyon ng California at Parents Helping Parents Family Resource Center. Mayroon itong mga libro at online na impormasyon tungkol sa Early Start.
<b>Mga Mapagkukunan sa Bansa</b>		
<a href="#">Library ng mga Mapagkukunan</a>	Sentro para sa Impormasyon at Mga Mapagkukunan ng Magulang  Telepono: 973-642-8100	Impormasyon tungkol sa maagang interbensyon at espesyal na edukasyon para sa buong Estados Unidos ngunit hindi partikular sa California

**Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagbabagong-katayuan mula sa Early Start**

Mapagkukunan	Kontak	Ano Ang Makikita Ko Rito?
<b>Mga Mapagkukunan sa California</b>		
<a href="#">Handbook sa Transisyon Mula sa Espesyal na Edukasyon sa Unang Yugto ng Pagkabata</a>	Kagawaran ng Edukasyon ng California  Telepono: 916-319-0800	Nagbibigay ng impormasyon at mga mapagkukunan upang mag-navigate sa transisyon mula sa Early Start tungo sa espesyal na edukasyon para sa mga batang nasa preschool na edad
<a href="#">Mga Epektibong Transisyon sa Unang Yugto ng Pagkabata: Isang Gabay para sa Transisyon sa Tatlong Taong Gulang — Early Start papuntang Preschool</a>	Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services)  Telepono: 800-515-BABY (800-515-2229)  Email: <a href="mailto:earlystart@dds.ca.gov">earlystart@dds.ca.gov</a>	Tinutukoy ng gabay ang parehong mga kinakailangang elemento para sa transisyon at mga inirerekomendang kasanayan upang suportahan ang mga pamilya at kanilang mga anak habang matagumpay silang dumaraan sa transisyon mula sa Early Start patungo sa iba pang mga serbisyo sa edad na tatlong taong gulang.

Mapagkukunan	Mga Link at Kontak	Ano Ang Makikita Ko Rito?
<b>Mga Mapagkukunan sa California (Ipinagpapatuloy)</b>		
<a href="#">Pagtransisyon mula sa Early Start: Mula sa IFSP patungong IEP/IPP</a>	Parents Helping Parents Telepono: 855-727-5775	Isang video sa pagtransisyon mula sa Early Start
<a href="#">Early Intervention (Maagang Interbensyon)</a>	Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad-Opisina ng San Bernardino Telepono: 909 890-1259 Email: <a href="mailto:sanbernardino@scdd.ca.gov">sanbernardino@scdd.ca.gov</a>	Isang handout na nagtatalakay sa proseso ng pagtransisyon at yugto ng panahon
<a href="#">First 5 California</a>	Telepono: 916-263-1050 Email: <a href="mailto:info@ccfc.ca.gov">info@ccfc.ca.gov</a>	Ang First 5 California ay nakatuon sa pagpapabuti ng buhay ng mga maliliit na bata ng California at kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng isang komprehensibong sistema ng edukasyon, mga serbisyong pangkalusugan, pangangalaga sa bata, at iba pang mahahalagang programa
<a href="#">Help Me Grow</a>	Heather Little, M.Ed Systems Director 510-227-6967 <a href="mailto:heather@first5association.org">heather@first5association.org</a>	Isang lokal na binuong mapagkukunan at sistema ng referral na tumutukoy sa mga pangangailangan sa pag-unlad ng bata ng isang pamilya, nagbibigay ng koordinasyon sa pangangalaga na kinakailangan upang matiyak ang pinakamahasag at pinakanapanahong pag-access sa mga naaangkop na serbisyo at programa na idinisenyo upang magbahagi ng mga mapagkukunan, tool, at pinakamahasag na kasanayan para sa maagang pagtukoy ng mga espesyal na pangangailangan. Ang mga programa ay tumutulong sa mga pamilya na malaman at matutunang gamitin ang sistema ng pangangalaga ng California sa unang yugto ng pagkabata ng California.
<a href="#">2-1-1</a>	Telepono: 211	Ang 2-1-1 ay isang libreng serbisyo ng impormasyon at referral na nag-uugnay sa mga tao sa mga serbisyong pangkalusugan at pantao sa kanilang komunidad 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa edad ng pagpasok sa paaralan at mga serbisyo para sa mga nasa hustong gulang**

Mapagkukunan	Mga Link at Kontak	Ano Ang Makikita Ko Rito?
<b>Mga Mapagkukunan sa California</b>		
<a href="#">Pakikilahok ng Pamilya at mga Partnership</a>	Kagawaran ng Edukasyon ng California  Telepono: 916-319-0800	Mga mapagkukunan at suporta para sa mga magulang, tagapag-alaga, at pamilya ng mga batang may kapansanan
<a href="#">Mga Regional Center</a>	Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services)  Telepono: 833-421-0061  Email: <a href="mailto:info@dds.ca.gov">info@dds.ca.gov</a>  TTY: 711	Impormasyon tungkol sa mga regional center at iba pang impormasyon sa mga kapansanan sa pag-unlad
<a href="#">Espesyal Na Edukasyon</a>	Disability Rights California (DRC)  Telepono: 800-776-5746  TTY: 800-719-5798	Pangkalahatang mapagkukunan tungkol sa espesyal na edukasyon
<a href="#">Hanapin ang Iyong Sentro para sa mga Magulang sa California</a>	Sentro para sa Impormasyon at Mga Mapagkukunan ng Magulang  Telepono: 973-642-8100	Mga link sa mga Center para sa Pagsasanay ng mga Magulang at Impormasyon (Parent Training and Information Centers, PTIs) at mga Center para sa Mapagkukunan ng Magulang sa Komunidad (Community Parent Resource Centers, CPRCs). Nagbibigay ng impormasyon, mga mapagkukunan, at pagsasanay ang mga PTI at CPRC tungkol sa espesyal na edukasyon (kabilang ang Early Start). Gamitin ang link na ito upang mahanap ang center na naglilingkod sa iyong lugar
<b>Mga Mapagkukunan sa Bansa</b>		
<a href="#">Mga Magulang at Pamilya</a>	Kagawaran ng Edukasyon ng U.S  Telepono: 202-245-7459	Mga mapagkukunan para sa mga pamilya tungkol sa espesyal na edukasyon para sa buong Estados Unidos ngunit hindi partikular sa California

**Pangangalagang pangkalusugan at serbisyong panlipunan**

Mapagkukunan	Mga Link at Kontak	Ano Ang Makikita Ko Rito?
<b>Mga Mapagkukunan sa California</b>		
<a href="#">Medi-Cal para sa Mga Indibidwal</a>	Kagawaran ng mga Serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan  Helpline ng Medi-Cal: 800-541-5555  Telepono: 916-636-1980	Impormasyon tungkol sa Medi-Cal
<b>Mga Mapagkukunan sa California (Ipinagpapatuloy)</b>		
<a href="#">Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan</a>	Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan  Telepono: 916-651-8848	Impormasyon tungkol sa iba't ibang serbisyo kabilang ang mga Pansuportang Serbisyo sa Tahanan
<b>Mga Mapagkukunan sa Bansa</b>		
<a href="#">Pangangasiwa ng Social Security (Pederal)</a>	Pangangasiwa ng Social Security  Telepono: 800-772-1213	Impormasyon tungkol sa Supplemental Security Income (SSI) at Social Security

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan**

Mapagkukunan	Mga Link at Kontak	Ano Ang Makikita Ko Rito?
<b>Mga Mapagkukunan sa California</b>		
<a href="#">Mga Karapatan ng Mga Magulang</a>	Kagawaran ng Edukasyon ng California  Telepono: 916-319-0800	Impormasyon tungkol sa mga karapatan at mga pananggalang na patakaran
<a href="#">Mga Karapatan ng Mga Magulang: Isang Gabay sa Maagang Pagsisimula (Early Start) para sa mga Pamilya</a>	Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services)  Telepono: 800-515-BABY (800-515-2229)  Email: <a href="mailto:earlystart@dds.ca.gov">earlystart@dds.ca.gov</a>	Kasama ang mga batas at regulasyon ng estado at pederal na namamahala sa Early Start sa California
<a href="#">Special Education Rights and Responsibilities (SERR)</a>	Disability Rights California (DRC)  Telepono: 800-776-5746  TTY: 800-719-5798	Paano maging karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon, paano humiling at itaguyod ang mga serbisyo ng espesyal na edukasyon, at ano ang gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa mga distrito ng paaralan

Mapagkukunan	Mga Link at Kontak	Ano Ang Makikita Ko Rito?
<b>Mga Mapagkukunan sa California</b>		
<a href="#">Rights Under the Lanterman Act (RULA)</a>	Disability Rights California (DRC) Telepono: 800-776-5746 TTY: 800-719-5798	Tumulong sa pag-unawa sa mga karapatan sa mga suporta at serbisyo sa ilalim ng Lanterman Act, mga karapatan sa regional center at mga tagapagkaloob ng serbisyo
<a href="#">Ang Konseho ng Estado para sa mga Kapansanan sa Pag-unlad (State Council on Developmental Disabilities, SCDD)</a>	Telepono: 916-263-7919 Walang Bayad: 833-818-9886 <a href="mailto:council@scdd.ca.gov">council@scdd.ca.gov</a>	Ang SCDD ay itinatag ng batas ng estado at pederal bilang isang independiyenteng ahensya ng estado upang matiyak na ang mga taong may kapansanan sa pag-unlad at kanilang mga pamilya ay makakatanggap ng mga serbisyo at suportang kailangan nila. Sa pamamagitan ng adbokasiya, pagbuo ng kapasidad at pagbabago sa buong sistema, gumagana ang SCDD upang makamit ang isang sistema ng mga indibidwal na serbisyo, suporta, at iba pang tulong na nakabatay sa konsumidor at pamilya.



# GLOSSARY

---

**American Sign Language (ASL):**

Ang ASL ay isang visual na wika na ipinapahayag ng mga galaw ng mga kamay at mukha.

**Pantulong na Teknolohiya:**

Anumang bagay, kagamitan, o paraan na ginagamit upang madagdagan, mapanatili, o mapabuti ang mga kasanayan ng mga bata o matatandang may mga kapansanan

**Pagsusuring Audiology:**

Isang pagsusuri sa pandinig na isinasagawa ng isang audiologist.

**Audiologist (Doktor sa Pandinig):**

Isang espesyalista na sinanay upang maunawaan kung paano gumagana ang pandinig at maaaring masukat ang pagkawala ng pandinig o malaman ang mga problema sa balanse at makikipagtulungan sa iyo upang malutas ang problema.

**Autismo (tinatawag ding Autism Spectrum Disorder o ASD):**

Isang kapansanan sa pag-unlad na nakakaapekto sa kung paano nakikipag-ugnayan ang isang bata sa ibang tao, nakikipag-usap, natututo, at kumikilos.

**Tagapagtaguyod:**

Ang tagapagtaguyod ay isang taong kumakatawan sa mga interes ng ibang tao. Ang taong ito ay maaaring tumulong at sumuporta kapag kinakailangan, tulad ng pagdalo sa isang pagpupulong o pagsulat ng isang pormal na liham ng kahilingan, pati na rin magbigay ng mga mungkahi. Kahit sino ay maaaring maging isang tagapagtaguyod, ngunit ang taong ito ay hindi isang abogado at hindi nag-aalok ng legal na payo.

**Adbokasiya:**

Ang pagkilos ng pagsuporta sa mga interes at karapatan ng isang bata o pamilya.

**Audiology:**

Pagkilala at pagbibigay ng mga serbisyo para sa mga batang nawalan ng pandinig at pag-iwas sa pagkawala ng pandinig.

**Nanganganib:**

Isang salitang ginagamit para sa mga bata na maaaring, sa hinaharap, ay magkaroon ng mga problema sa kanilang pag-unlad na maaaring makaapekto sa pag-aaral at pag-unlad.

**Pagtatasa:**

Ang paunang at patuloy na pamamaraan na ginamit upang matukoy ang:

- Mga natatanging pangangailangan at lakas ng isang bata at ang mga serbisyong naaangkop upang matugunan ang mga pangangailangang iyon.
- Ang mga mapagkukunan, priyoridad at mga alalahanin ng pamilya at ang mga suporta at serbisyong kailangan para mapahusay ang kakayahan ng pamilya na matugunan ang mga pangangailangan sa pag-unlad ng kanilang sanggol o batang may kapansanan.

**Team para sa Pagtatasa:**

Isang team na nangangalap ng impormasyon para sa paggawa ng desisyon. Bilang karagdagan sa mga magulang, maaaring kabilang sa team na ito ang isang Psychologist, Speech Therapist, Occupational Therapist, Physical Therapist, Nars, at/o Guro.

**Cerebral palsy (o CP):**

Isang kapansanan sa pag-unlad na nakakaapekto sa kung paano nagagawa ng isang bata na igalaw, balansehin, at kontrolin ang kanilang mga kalamnan.

**Pangangalaga sa bata:**

Pangangalaga sa mga bata habang ang kanilang mga magulang o nasa hustong gulang na tagapag-alaga ay nasa trabaho, nasa pagsasanay, o gumagawa ng iba pang mga bagay.

**California Children's Services (CCS):**

Isang programa ng estado para sa mga batang may partikular na sakit o problema sa kalusugan. Sa pamamagitan ng programang ito, ang mga batang hanggang 21 taong gulang ay makakakuha ng pangangalaga at mga serbisyong pangkalusugan na kailangan nila. Ikokonekta ka ng CCS sa mga doktor at bihasang mga tao sa pangangalagang pangkalusugan na alam kung paano pangalagaan ang iyong anak na may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan.

**Pahintulot:**

Ang pahintulot na ibinibigay ng magulang sa isang programa o ahensya, na nakasulat sa pangkalahatan. Palaging boluntaryo ang pagpapahintulot, at maaaring kanselahin ito ng magulang anumang oras

**Komunikasyon:**

Ay higit pa sa pakikipag-usap! Ito ay anumang anyo ng mensahe na ipinadala mula sa isang partido patungo sa isa pa, sa pamamagitan ng mga tunog, salita, o pisikal na pahiwatig, tulad ng body language.

**Pagiging Kumpidensyal:**

Ang karapatan na ang personal na impormasyon tungkol sa isang bata at pamilya ay hindi ilalabas nang walang pahintulot mo o kapag pinahihintulutan o hinihiling ng batas. Ang pahintulot na magbahagi ng impormasyon ay palaging boluntaryo, at maaaring kanselahin ito ng isang magulang anumang oras.

**Pag-unlad:**

Ang mga hakbang o yugto sa paglaki ng isang bata.

**Pagkaantala sa Pag-unlad:**

Tumutukoy sa isang bata na mas mabagal na makakuha ng mga kasanayang inaasahan sa kanya, kumpara sa iba pang kapareho ng edad.

**Kasaysayan ng Pag-unlad:**

Isang salaysay ng pag-unlad ng isang bata sa pag-aaral habang lumalaki sila sa mga kasanayan, tulad ng pag-upo, paglalakad, o pakikipag-usap.

**Mga Kasanayan sa Mahahalagang Yugto ng Pag-unlad:**

Mga kasanayan na karaniwang naaabot sa mga partikular na edad.

**Mga Test sa Pag-unlad:**

Mga test na sumusukat sa pag-unlad ng isang bata kumpara sa pag-unlad ng ibang mga bata na kapareho ng edad.

**Kapansanan:**

Isang pagkaantala sa pag-unlad o pisikal o mental na kondisyon na malamang na magresulta sa pagkakaroon ng isang bata ng pagkaantala sa pag-unlad.

**Maagang Interbensyon (Early Intervention):**

Isang hanay ng mga serbisyo at suporta na ibinibigay nang maaga hangga't maaari upang maiwasan ang mga pangmatagalang problema.

**Pagiging Karapat-dapat:**

Mga kinakailangan na dapat matugunan ng isang bata upang makatanggap ng mga serbisyo mula sa programa.

**Epilepsy:**

Isang kapansanan sa pag-unlad na nakakaapekto sa aktibidad sa utak at nagiging sanhi ng mga seizure.

**Itinatag na Panganib:**

Isang salitang ginagamit para sa isang bata na may kondisyon na may alam na dahilan, at na maaaring, sa hinaharap, ay magkaroon ng mga problema sa kanilang pag-unlad na maaaring makaapekto sa pagkatuto at pag-unlad.

**Pagsusuri:**

Nangongolekta ng impormasyon tungkol sa mga pangangailangan, lakas, at interes ng isang bata sa pag-aaral. Ang pagsusuri ay bahagi ng proseso upang malaman kung siya ay kwalipikado para sa isang programa o serbisyo.

**Pagsasanay sa Pamilya, Pagpapayo, at Pagbisita sa Bahay:**

Mga serbisyo upang matulungan ang pamilya ng isang sanggol o maliit na bata sa pag-unawa sa mga pangangailangan sa pangangalaga ng bata at pagpapahusay sa pag-unlad ng bata.

**Therapy sa Pagpapakain:**

Tumutulong sa mga bata na matuto kung paano kumain o kumain nang mas mahusay, lalo na para sa mga sanggol at mga bata na may problema sa pagkain, pagnguya, pagpapakain, pagdede, at paglunok.

**Therapist sa Pagpapakain:**

Nagbibigay ng therapy sa pagpapakain at kadalasan ay mga Occupational Therapist o Speech and Language Pathologist.

**Supporta sa Pamilya:**

Maski anong makakatulong sa isang pamilya. Maaaring kasama sa tulong na ito ang payo, impormasyon, o pagtulong sa isang magulang na maunawaan kung anong mga opsyon ang maaaring available.

**Sentro ng Mapagkukunan ng Pamilya (Family Resource Center):**

Isang lugar kung saan ang mga pamilya ng maliliit na bata na nasa panganib o may pagkaantala o kapansanan sa pag-unlad ay makakakuha ng impormasyon, suporta, at impormasyon mula sa ibang mga magulang at pamilya.

**Fine Motor:**

Sa pisikal na pag-unlad, ang paggamit ng maliliit na kalamnan ng katawan, kadalasan ang mga kamay/daliri. Tulad ng pagkurot, pagpulot ng isang bagay, paghawak ng lapis, o pagbutones ng damit.

**Mga Panlahatang Serbisyo at Suporta:**

Mga mapagkukunan na maaaring magamit sa lahat ng mga bata mula sa mga ahensya ng lokal, Estado at/o Pederal. Kabilang dito ang mga serbisyo tulad ng Medi-Cal, Social Security, at mga programa sa paaralan tulad ng Head Start.

**Gross Motor Skills:**

Ang paggamit ng malalaking grupo ng kalamnan ng katawan, braso, o binti, tulad ng pag-upo, paglalakad, pagbabalanse, o paghahagis ng bola.

**Mga Serbisyong Pangkalusugan:**

Ang mga serbisyong nauugnay sa kalusugan ay mga serbisyong kinakailangan upang payagan ang isang bata na makinabang mula sa iba pang mga serbisyo ng maagang interbensyon.

**Serbisyong Nakabase sa Bahay:**

Anumang serbisyo o therapy na ibinibigay sa tahanan.

**Mga Pagbisita sa Bahay:**

Mga pagbisita sa iyong tahanan ng isang propesyonal para sa layunin ng pagpapalano at pagbibigay ng mga serbisyo sa maagang pagsisimula (early start)/interbensyon (early intervention).

**Mga Serbisyo para sa Pag-unlad ng Sanggol:**

Mga serbisyo at aktibidad na nagtataguyod ng pag-unlad ng mga kakayahan ng sanggol o paslit sa iba't ibang aspeto ng pag-unlad.

**IFSP (Individualized Family Service Plan):**

Isang nakasulat na plano para sa mga serbisyo sa bata at pamilya na binuo ng pamilya kasama ng isang pangkat.

**Kapansanang Intelektwal (Intellectual disability, ID):**

Isang kapansanan sa pag-unlad na nakakaapekto sa kakayahan ng isang bata na matuto at gumana sa pang-araw-araw na buhay (pangalagaan ang kanilang sarili).

**Individualized Education Plan (IEP):**

Isang nakasulat na plano para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa isang bata.

**Sanggol:**

Pagkasilang hanggang sa isang taong gulang na bata. Minsan ay itinuturing na mga sanggol hanggang 18 buwan o tinatawag na paslit hanggang ang bata ay naglalakad.

**Pahinga sa Bahay (In-Home Respite):**

Idinisenyo upang bigyan ang pamilya ng pahinga mula sa pangangalaga ng bata at ibinibigay sa tahanan ng pamilya.

**Mga Serbisyo ng Interpreter at Tagasaling-Wika:**

Maaaring magbigay ng interpretasyon ng wika sa mga pagpupulong, at/o pagsasalin ng nakasulat na komunikasyon (IFSP), mula sa Ingles patungo sa pangunahing wika ng pamilya.

**Pagpupulong na may Tagapamagitan:**

Isang pagpupulong upang lutasin ang mga hindi pagkakasundo sa pagitan ng mga magulang (ikaw) at isang regional center.

**Medi-Cal:**

Programang pangangalagang pangkalusugan ng Medicaid ng California. Ang programang ito ay nagbabayad para sa iba't ibang serbisyong medikal para sa mga bata at matatanda na may limitadong kita at mga mapagkukunan, o may mga partikular na sitwasyon sa buhay. Ang Medi-Cal ay sinusupportahan ng mga buwis ng pederal at estado. Maaari kang mag-aplay para sa mga benepisyo ng Medi-Cal anuman ang kasarian, lahi, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan, oryentasyong sekswal, katayuan sa pag-aasawa, edad, kapansanan, o katayuan sa pagiging beterano. Kung ikaw ay nalaman (o natukoy) na karapat-dapat, maaari kang makakuha ng Medi-Cal hangga't patuloy mong natutugunan ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat.

**Mga Serbisyong Medikal (para sa mga layuning dyagnostiko/para sa pagsusuri lamang):**

Mga serbisyong ibinibigay ng isang lisensyadong manggagamot para sa mga layuning dyagnostiko o para sa pagsusuri upang matukoy ang katayuan ng pag-unlad ng bata at pangangailangan para sa mga serbisyo ng maagang interbensyon.

**Motor Development:**

Kilala rin bilang motor skill development ay kung paano nagkakaroon ng pisikal na kasanayan ang isang bata sa paggamit ng kanilang katawan at mga bahagi ng katawan.

**Mga Motor Skill:**

Ang kakayahang igalaw at i-coordinate ang katawan. Mayroong dalawang malawak na uri ng mga motor skill na nade-develop ng mga bata:

- Fine motor skills gamit ang mas maliliit na mga kalamnan tulad ng pagpupulot at paglapag ng mga bagay, pagpalakpak ng mga kamay, paggamit ng tinidor at kutsara, pagpapakain sa kanilang sarili ng finger food
- Gross motor skills halimbawa, pagpapang, pag-akyat, pagsipa, at paglukso

**Natural na Kapaligiran:**

Mga lugar o setting na pinupuntahan ng sinumang maliit na bata at ng kanyang pamilya sa anumang araw. Maaaring kabilang dito ang tahanan, preschool, o iba pang lokasyon sa komunidad, gaya ng lokal na parke o aklatan.

**Mga Serbisyo sa Pag-aalaga (Nursing Services):**

Mga serbisyo upang makatulong na maiwasan ang mga problema sa kalusugan at itaguyod ang kalusugan at pag-unlad at maaaring kabilang ang pangangasiwa ng mga gamot at paggamot na inireseta ng isang doktor.

**Mga Serbisyo sa Nutrisyon: (tingnan ang pagpapakain)**

Tumutulong sa pagbuo at pagsubaybay ng naaangkop na mga plano upang matugunan ang mga pangangailangan sa nutrisyon ng mga bata.

**Occupational Therapist (OT):**

Mga eksperto sa mga fine motor skill, eye hand coordination, sensory processing, lip, at tongue ties at mga isyu sa pagpapakain/pagkain.

**Occupational Therapy:**

Isang serbisyong ibinibigay ng isang lisensyadong occupational therapist na tumutulong sa mga bata sa mga aktibidad na gumagamit ng fine motor skills at araw-araw na gawain tulad ng pagkain, pagbibihis, at paggamit ng kamay.

**Pahinga sa Labas ng Bahay (Out of Home Respite):**

Mga serbisyong nagbibigay ng pahinga mula sa pangangalagang kailangan ng isang bata at ibinibigay sa labas ng tahanan ng pamilya.

**Mga Katulad Nila (Peers):**

Iba pang mga bata na kapareho ng edad o maaaring kapareho ng antas ng pag-unlad. Hindi nangangahulugang magkaibigan. Mahalaga para sa mga bata na makipag-ugnayan sa mga katulad nila para sa kanilang pag-aaral ng pakikisalamuha at pagbuo ng mga kasanayang panlipunan.

**Mga Serbisyong Sikolohikal:**

Kapag tinatasa o sinusuri ng isang psychologist ang pag-unlad ng bata at binibigyang-kahulugan ang mga resulta ng pagsusulit.

**Physical Therapist (PT):**

Mga eksperto sa gross motor skills, na tumutuon sa paggalaw o pagkilos (mobility) gaya ng paggulong o pagbaliklad, paggapang, paglalakad, at pag-akyat. Makakatulong din sila sa koordinasyon ng sensory-motor.

**Physical Therapy:**

Isang serbisyong ibinibigay ng isang lisensyadong physical therapist na tumutulong sa mga bata sa mga aktibidad na gumagamit ng gross motor skills at araw-araw na gawain tulad ng paggapang, paglalakad at pagtalon. Makakatulong din sila sa koordinasyon ng sensory-motor.

**Pisikal na Kapansanan:**

Isang kapansanan na nakakaapekto sa pisikal na pag-unlad ng isang tao.

**Pansamantalang Pagiging Karapat-dapat:**

Kung ang isang bata na tatlo o apat na taong gulang (o papalapit sa tatlong taong gulang) at hindi nagpapakita ng mga palatandaan ng kapansanan sa pag-unlad, ang pansamantalang pagiging karapat-dapat ay nilalayon upang maiwasan ang mga pagkaantala at bawasan ang mga agwat sa mga serbisyo ng regional center sa mga bata sa partikular na panahon na mahina sila sa kanilang pag-unlad.

**Koordinasyon ng Serbisyo (Pamamahala ng Kaso):**

Tinutulungan at ginagabayan ng mga service coordinator ang isang sanggol o batang may kapansanan at ang pamilya ng bata na matanggap ang mga serbisyong kailangan nila.

**Mga Serbisyo na Sign Language at Nagbibigay-Hudyat na Wika (Cued Language):**

Kasama sa mga serbisyong ito ang pagtuturo ng sign language, cued language, at auditory/oral language at pagbibigay ng interpretasyon ng sign at cued language.

**Mga Serbisyo sa Gawaing Panlipunan:**

Nagbibigay sa indibidwal at pamilya ng pagpapayo sa mga magulang at iba pang miyembro ng pamilya, at nagbibigay ng naaangkop na mga aktibidad sa pagbuo ng kasanayan sa pakikisalamuha kasama ang sanggol o paslit at mga magulang

**Espesyal na Pagtuturo:**

Pag-aaral na nakabatay sa paglaro. Ang mga pinasadya na aralin ay pinaplano ng isang propesyonal sa sanggol upang ituro sa iyo kung paano gagabayan ang iyong anak sa mga masasayang karanasan sa pag-aaral upang makamit ang mga layunin.

**Speech Language Pathologist (SLP):**

Mga eksperto sa pagpapahayag at komunikasyong may pag-unawa, kung ano ang sinasabi o sinesenyas/ipinapahiwatig ng mga bata, at kung ano ang naiintindihan ng mga bata.

**Speech/Language Therapy:**

Mga serbisyo upang suportahan ang pagpapaunlad ng mga kasanayan sa komunikasyon. Upang matulungan ang mga bata na mapabuti ang mga kasanayan sa komunikasyon at pagkilos sa lipunan na ibinibigay ng isang Speech Therapist o Speech-Language Pathology Assistant.

**Therapy:**

Ang mga regional center ay maaaring magbigay ng mga therapy na partikular sa mga espesyal na pangangailangan ng mga bata. Maaaring kabilang sa mga therapy na ito ang Occupational Therapy, Physical Therapy at Speech Therapy

**Transisyon:**

Ang proseso kung saan ang mga bata sa edad na 3 taong gulang ay lilipat mula sa mga serbisyo ng Maagang Interbensyon patungo sa iba pang mga suporta o serbisyo sa unang yugto ng pagkabata, tulad ng Preschool Special Education Program o mga programa sa komunidad.

**Transportasyon at Mga Kaugnay na Gastos:**

Ang mga regional center ay maaaring mag-alok ng iba't ibang opsyon upang matulungan ang mga pamilya na ma-access ang komunidad kapag hindi nila ito magawa nang mag-isa.

**Kapansanan sa Paningin:**

Ang pagkawala ng paningin na, kahit na may pagwawasto, ay nakakaapekto sa kakayahan ng isang bata na makakita. Kasama sa salitang ito ang parehong bahagyang paningin at pagkabulag.

**Mga Serbisyo sa Paningin:**

Pagsusuri at pagtatasa ng paggana ng paningin, kabilang ang diagnosis ng mga partikular na problema sa paningin, pagkaantala, at kakayahan na nakakaapekto sa pag-unlad sa unang yugto ng pagkabata.